# *Isang Taong Tumatakas Mula Sa Harapan Ng Panginoon*

Iyukod natin ang ating mga ulo. Minamahal na Diyos, masaya kami ngayong hapon sa pribilehiyo na mayroon kami na mangagkatipon nang sama-sama minsan pa. At tanging Ikaw, Panginoon, ang nakakaalam kung gaanong hinangad ng aming mga puso ang oras na ito kung kailan makatatayo kaming muli rito sa harapan ng Iyong mga tao, at ihatid ang Mensaheng ito na nadarama naming napakahalaga na ito'y kailangang-kailangan sa panahong ito. Iyong inilaan sa amin ang ilang mga araw na ito ngayon, at dalangin namin, minamahal na Diyos, na sumaamin nawa ang Iyong kamay ng awa, upang patnubayan kami at pangunahan kami. At ibigay Mo po sa amin ang mga bagay na kailangan namin, Panginoon, sapagkat nananabik ang aming mga puso na higit Ka pa naming makilala.

2 Nakikita namin ang malawak na bukirin ng mga ani, namumuti na, hinog na, at nalalaman namin na handa na ngayon ang butil para sa dakilang panahon ng paggigiik. Minamahal na Diyos, dalangin namin na Iyong pabukahin ang mga balat ng butil sa palibot namin, hayaan kaming mabilad sa Presensiya ng Anak ngayon, sa mga susunod na ilang araw na ito, at nang mahinog tungo sa Kaharian ng Diyos.

3 Pagpalain Mo po ang bawat awit na aawitin. Pagpalain ang bawat panalangin, at tugunin ang bawat isa na maipananalangin, Panginoon. Iligtas Mo po ang lahat ng nangaliligaw. Tawagin pabalik sa tahanan ng buhay na Diyos, at sa pakikisama, yaong mga nangalayo.

4 Dalangin po namin, Diyos, na Iyong pagalingin ang bawat taong may karamdaman na pumaparito sa silong ng aming bubong. Ipagkaloob Mo ito, Panginoon. Nawa'y wala na ni isang taong mahina sa aming kalagitnaan sa pagtatapos ng mga pagtitipon na ito.

5 At, minamahal na Diyos, gayundin para sa aming mga sarili, kami na mga nagpapahayag sa panahong ito bilang siyang Iglesya, ang mga Tinawag-palabas, yaong mga nasa buong mundo na nangagsilabas mula sa Babilonia at upang maging mga kabahagi nitong kamangha-manghang pagsasama-sama sa huling panahong ito, dalangin namin, Diyos, na Iyong pagpalain ang aming mga puso nang gayon na lamang. Kami'y totoong nagugutom, Panginoon, at nangaalis nang lahat ang mga bagay ng sanlibutan, na nalalaman namin. Panginoon, isinantabi na namin ang bawat pasan na pumipigil sa amin, at ngayo'y

hayaang takbuhin namin ang takbuhing ito nang may pagtitiis, na inilagay sa aming harapan. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. At nawa kami ay maging lalong puspos, mas malakas, mas mabuting mga Cristiano, sa pagtatapos ng gawaing ito, kaysa nang kami ay nagsipasok. Mapasa Diyos nawa ang lahat ng kaluwalhatian, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

6 Sa palagay ko'y isa itong dakilang pribilehiyo, ngayong gabi, na hinintay ko nang ilang panahon. Sinasabi ko noong isang araw sa aking asawa, sabi ko, "Ako'y ninenerbiyos, naghihintay na makaparoon sa tabernakulo." Ako'y sadyang . . . may iba pa akong mga kaibigan, siyempre, meron ngang talaga, sa buong mundo, pero may iba pang bagay tungkol sa tabernakulong ito rito.

Ako ay hinango mula sa alabok na ito sa dako rito, nang bigyan ako ng Diyos ng buhay dito sa ibabaw ng lupa; at sa palagay ko, kung magtatagal pa Siya, ako'y ililibing rito sa kung saan. Pagparito Niya, masusumpungan Niya ako rito sa kung saan.

7 Ngunit, para bang, may isang bagay, kapag naiisip ko na ang Jeffersonville. Noong isang araw ay labis akong nalungkot; sinabi ko sa aking asawa, sabi ko, "Nasasabik na akong makauwi, at hindi ko alam kung ano ang kinasasabikan ko na makauwi na, maliban na iyon ay ang mga taong nananalangin para sa akin." Sabi ko, "Buweno, ako'y . . . Ang tanging nalalaman kong gawin ay ang bumalik at magkaroon ng ilang mga araw ng pagtitipon, tingnan kung hindi tayo makasumpong ng isang bagay mula sa Panginoon, marahil ay may gusto Siyang ipaalam sa atin."

At ang dakila, na mahalagang paksa na mayroon tayo sa ating harapan ngayon ay ang *Pag-aasawa At Diborsiyo*. At kung may katanungan, tiyak na may kasagutan. Hindi magkakatanong maliban na may sagot. Maging anuman iyon, tiyak na may kasagutan. Kung loloobin ng Panginoon, gusto kong subuking mangusap tungkol diyan, sa Linggo ng umaga.

8 At pagkatapos, bukas ng gabi, sa palagay ko'y paroroon kami dito sa may . . . Ano nang tawag sa eskuwelahang iyon? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Parkview."—Pat.] Parkview auditorium. Ng ano, ginoo? ["Parkview Junior High."] Parkview Junior High. Ilan ang nakakaalam kung nasaan iyon? Buweno, sa palagay ko'y maglalagay sila ng mga karatula, di ba, Kapatid na Neville? ["Oo."] Maging . . . Dito lang iyon mga—mga tatlo ng apat na hati ng isang milya, at mayroon doong karatula. Lumiko kayo, mula sa may kalsada. Maganda iyon, na mataas na gusali. May mga puwesto iyon na puwede mong pagpatungan ng iyong braso, at para makapagsulat ka ng gusto mong isulat, at—at—at mga gayong bagay. At natitiyak kong mas matutuwa pa kayo lalo

kaysa sa kayo'y, medyo mangawit sa mga pagtitipon dito sa—sa tabernakulo. May maluwang na lugar doon, maluwang na lugar ng paradahan.

9 Ngayon, sa palagay ko'y mayroon silang kaunting alituntunin na kinailangan naming ipangakong susundin, 'yun ay, na huwag pumunta roon sa lugar hanggang sa mga alas-sais y media. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Huwag hanggang alas-singko y media; huwag pumaroon bago mag-alas-singko y media."—Pat.] At anong oras . . . ["Magbubukas ang mga pintuan ng alas-sais y media."] Sa palagay ko'y magiging magandang ideya para sa atin na pumaroon ng alas-sais y media.

Ngayon, may iba pa silang auditorium dito sa bayan na makakaupo ang anim na libo. Kung talagang pagbubutihin natin sa isang ito, maaaring pahintulutan nila tayo na magamit 'yung isa pa sa ibang pagkakataon para sa isang malakihang pagtitipon, baka mga nitong tag-araw pagbalik ko mula sa ibayong dagat.

10 At kaya sa palagay ko'y mapapaupo natin hanggang . . . Ilan ba ang mapapaupo natin doon? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Mapapaupo natin ang mga apat na libo."—Pat.] Apat na libo. Kaya, nakita n'yo, magkakaroon tayo ng maluwang na lugar. Hindi na mag-uunahan. At kaya pumunta kayo nang alas-sais y media. At sa gayon makakapasok ang lahat sa tamang oras, sabay-sabay lahat, at natitiyak kong kayo'y—magkakaroon kayo ng magandang puwesto. At pataas iyon gaya *nito*, at—at isang lugar dito na makakapagsulat kayo at makakapagtala, at iba pa. At magsisimula 'yon, kung loloobin ng Panginoon . . .

11 Sa palagay ko ngayon, sa gabing ito, ito bilang isang Miyerkules ng gabing gawaing pagtitipon para sa pananalangin, mayroon tayong . . . Halos mapuno na ang lugar, kaya sa palagay ko siguro'y mas mabuting magsimula na tayo bukas ng gabi. Inupahan natin iyon sa pag-asa lang na baka, kung sosobra tayo sa dami rito, ay maaari tayong pumunta roon. Ngunit sa palagay ko 'yun ay . . . mas makabubuting pumaroon na, di ba sa palagay mo, Kapatid na Neville, na pumaroon na bukas ng gabi? At ilan ba sa inyo ang sa palagay n'yo magiging magandang ideya 'yon? At sa gayon ay magkakaroon kayo ng maluwang na—na lugar. Iyon ay—inupahan na 'yon; binayaran na iyon ng ilang kapatiran dito sa iglesya. Nagkakahalaga lamang iyon sa atin ng limampung dolyar bawat gabi, na napaka, napaka . . . Sana may ganyan din ako sa lahat ng dako, na makakapagpaupo ng ganoon karami sa halagang limampung dolyar bawat gabi, isang bagung-bagong gusali, magandang entablado. At, ngunit tayo ay . . .

12 Siyempre pa, maglilikom tayo ng mga offering, sa palagay ko. At ayaw natin na ang mga kalalakihang iyon lang ang magbayad para doon mismo; babayaran natin ang . . . babayaran

sila. Ngunit kapag nalikom na natin ang para sa ating mga gastusin at gayong mga bagay, buweno, kung gayon, siyempre, hihinto na tayo sa pagkuha ng mga offering. Hindi tayo . . .

13 Kung may mga baguhan na kasama natin, ginawa naming patakaran iyon, na huwag humingi, mamalimos, sapilitang magpaambag ng pera sa mga tao. Ipinapasa natin ang lalagyan ng koleksyon, na iyon lamang ay . . . Iyon ay isang panrelihiyong gawain. Sinubukan ko na iyon, nang maraming beses na, na ni huwag ipasa ang lalagyan ng koleksyon, man lang, subalit hindi iyon umubra. Kita n'yo? Dahil, ang pagbibigay ay bahagi ng ating relihiyon. Bahagi iyon ng ating tungkulin. Kahit na diyes sentimos lang iyon, o maging anuman iyon, o isang sentimo, iyon ay pawang . . .

14 Kaya matatandaan ninyo, nakita ni Jesus ang isang babaeng balo na nagdaraan, isang araw, kung saan naghuhulog ang mga taong mayayaman ng kanilang yaman sa sisidlang-yaman. At dumaan itong babaeng balo, marahil may dalang ilang maliliit, na gutom na mga bata na naglalakad kasama niya, at ibinigay ang lahat ng mayroon siya, tatlong sentimos. At sinabi ni Jesus, "Sino ang nagbigay ng higit na marami?"

15 Ngayon, kung nakatayo lang ako roon, sinabi ko na sana, "Huwag mong gawin iyan, kapatid. Kami—kami, tingnan mo, marami kaming pera." Ngunit hindi Niya siya pinigilan. Kita n'yo? Siya—nalalaman Niya na mayroon Siyang inilaan para sa kanya na higit na dakilang bagay sa hinaharap. Kaya, kita n'yo, ganoon pa man, mayroon na siyang isang tahanan sa Kaluwalhatian, na pupuntahan niya. At hindi Niya siya pinigilan. Hinayaan Niya siyang ihulog ang kanyang tatlong sentimos, dahil sadyang gusto niyang gawin iyon. At tiyak na ginusto niyang gawin iyon; may mga anak, at isa nang balo, at may tatlong sentimos na lang na ikabubuhay. Siya, tiyak na ginusto niyang gawin iyon. Kaya, nakita ninyo, kapag gusto ng mga tao na magbigay, kailangan ninyo silang bigyan ng pagkakataon na gawin ang gayon.

16 Subalit sa palagay ko sa mga tumatayong ito, at mga tao na nagsasabing, "Sino ang magbibigay ng limampung dolyar? Sino ang magbibigay ng dalawampung dolyar?" Sa palagay ko ay hinahamak naman niyan ang inyong—ang inyong pag-iisip. Aking—sa palagay ko'y alam na ng mga tao na kinakailangang gumastos para—para mapatakbo ang isang—isang pagtitipon. At hindi ko sila kailanman pahihintulutan na gawin iyon, silang mga tagapamahala. Sabi ko, "Kapag kailangan n'yo nang gawin iyon, kung gayo'y panahon na para bumalik ako sa tabernakulo. Nang sa gayon, hindi na natin kailangang gawin ang ganoon." Ngunit aking—sa palagay ko'y kailangan nating ipasa ang lalagyan ng offering, sa—para maisagawa ito na isang kumpletong gawaing panrelihiyon.

17 At kaya magpapaikot marahil sila ng isang munting lalagyan ng offering bawat gabi, may sasabihin katulad ng, “Buweno, kukuha na po tayo ng kaloob ngayon.” At ipapasa nila ang lalagyan ng offering, at iyon na—tapos na iyon pagkatapos.

18 At bawat gabi, kung loloobin ng Panginoon, sa palagay ko’y inilagay ng Panginoon sa puso ko ang isang napakalinaw na Mensahe para sa Iglesya. Ako’y nasa pananalangin nang ilang araw na. At hindi na ako dadako roon, dahil sa naganap ang isang dakilang di-pangkaraniwang pangyayari noong isang araw na totoong kamangha-mangha. At nasasabik na akong sabihin sa inyo ang tungkol dito. At ngayon, ang pangunahing paksa, sa palagay ko, na karamihan sa kanila, sabi ni Billy, ay hinihiling, ay tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*. Na, ito ay isang mahalagang—isang mahalagang paksa, at ako—hindi ko alam kung papaano iyon tatalakayin. At pumunta ako upang ipanalangin ang tungkol dito, at kinatagpo ako ng Panginoon. At alam kong ako, sa pamamagitan ng. . . Hindi ko taglay iyon, ngunit ibinigay na iyon sa akin ng Diyos; nasa akin na ito ngayon. Ibinigay na sa akin ng Diyos ang tamang kasagutan, kita n’yo, kita n’yo, at ako—nalalaman ko na iyon ay totoo.

19 At kaya hindi ko pa lamang ganap na alam, marahil, sa Linggo ay baka hilingin ko sa mga kapatid nating babae na ipagpaliban na lang ang pagtitipong iyon, sila mismo, ngunit ako—hindi ko alam. Depende ito sa kung nais ng mga babaeng may asawa na dumalong kasama ng kani-kanilang asawa. Mayroong—may ilang talagang mahahalagang bagay na kailangang sabihin, ang katotohanan tungkol doon, at kung papaano. . . At kaya gusto nating lubos na ilahad ito, mula sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kung gayo’y mauunawaan n’yo na ito pagkatapos. Malalaman n’yo na pagkatapos kung ano ang Katotohanan. At nagtitiwala ako sa Kanya na gawin iyon.

20 At, ngayon, naroon ako sa restaurant noong isang araw, kumakain, at—at si Jerry at lahat sila ay hinahanap kayong lahat. Sinabi nila, sabi, “Buweno, kami. . . ” Ang ilan, isa sa mga kalalakihan na naroon, ay nagsabi, sabi ng lalaking ito, “Magiging napakaganda ang kalalabasan nito para sa akin sa linggong ito,” sabi, “mayroon silang. . . O, nitong susunod na dalawang linggo.” Sabi, “Mayroon silang isang—isang pagtitipon dito, ng basketball, o kung anong iba pa.” Sabi, pagkatapos sabi, “Naroroon si Branham, magdaraos siya ng isang pagtitipon.” Sabi niya, “Magpapakain ako ng napakaraming tao.” Doon sa Ranch House, isa sa mga lugar na iyon doon. At sila ay. . . talagang napakabait.

21 At nalulugod ako sa inyong lahat, sapagkat talagang ipinagmalaki nila kayo at nagsabi ng magagandang bagay tungkol sa inyo.

22 Sinalubong ako ng manedyer doon sa Ranch House noong isang umaga. Dumating ako ng mga alas-dos y media, galing ng Arizona. At sabi niya, "Aba, Kapatid na Branham," sabi, "narinig kong magkakaroon ka raw ng isa pang pagtitipon." Sabi, "Kumuha ako ng iba pang makakatulong," sabi niya. At sabi, "At gusto kong sabihin ang isang bagay, na 'yung mga taong nanggagaling doon," sabi, "sila'y talagang mababait na mga tao." Ngayon, talagang nasiyahan ako roon sa inyo, kita n'yo.

Dahil, kung tutuusin naman, para bang pakiramdam ko'y mga kids [mga alaga—Tag.] ko na rin kayo, at ako—ako . . . o mga anak, pala. At kaya ako . . . Ang kid kasi ay tumutukoy sa isang kambing, at hindi naman kayo kambing. Kayo'y mga kordero ko. Paanong nagkaganoon? Kayo'y mga kordero ng Panginoon na pinahintulutan Niyang pakanin ko. At nagtitiwala ako na ito'y magiging—ito'y magiging . . . na ipahihintulot Niya na gawin ko iyon. Nagpapatuloy na tayo sa daan.

23 At tungkol dito sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*, ninais ko nang mangusap tungkol dito mula pa noong panahon nung Pitong Selyo. Alam n'yo na, ang hiwa- . . . Lahat ng mga hiwaga ay inaasahang maipapahayag sa mga iyon, sa pagbubukas ng Pitong Selyo na iyon, lahat ng mga hiwaga ng Biblia. At iniisip ko ngayon, dahil medyo tumatanda na, ako—sa palagay ko ako . . . naisip ko na mas mabuting mailagay ko man lang ito sa teyp, maging kung anuman ang mangyari sa akin, kung gayon makapag-iisip-isip ang Iglesya, "Ano kaya ang nasa isip niya? Ano kaya ang sasabihin niya?" At lahat nung mga paksa na tila ba napakahirap; sa palagay ko, ang . . . sa tulong ng Panginoon, sisikapin kong ihatid ang mga iyon sa inyo. At pagkatapos—pagkatapos kung may mangyari man, at kung mangyaring pumanaw ako bago pa man Siya dumating, kayo—nasa inyo na ito sa rekord kung gayon.

24 Sa palagay ko'y may ilang mga bagong aklat tayong inilabas. Nakikita ko si Kapatid na babaeng Vayle; hindi ko alam kung naririto ang doktor o wala. Naririto ba siya, Kapatid na babaeng Vayle? Nasa pagtitipon siya marahil. Hindi ko siya nakikita. Ngunit, oh, oo, naroon sa likuran. At si Kapatid na Vayle ay sumulat ng isang aklat, at iyon ay isang . . . Akala ko, sa palagay ko ang sabi nila ngayon, dalawa. Kapatid na Vayle, tama ba iyon, mayroon kang dalawa rito ngayon? Dalawang aklat. Ngayon, hindi ko alam, ako . . . Sa pagkakaunawa ko, na mabibigyan ng tig-iisang kopya ang bawat tao. Kaya ako . . . Kung kayo . . . Ganoon ang pagkakaunawa ko. Maaaring mali ako roon.

25 At saka *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya* ay natapos na (Tama ba iyon, Kapatid na Vayle?) at nakalimbag na ngayon. At alam kong gusto ninyong makakuha ng mga iyon, dahil sinasagot ng mga iyon ang napakaraming mga katanungan na nasa inyong mga puso. At saka pagkatapos nun, buweno, sisikapin nating

mabuksan na ang *Pitong Selyo*, alam n'yo na, maisaaklat, upang mabasa ng bawat isa sa anyô na kanilang—na gusto nila, na mauunawaan at mapag-aaralan iyon. Sa palagay ko kapagka ito'y naisulat na, kung ito . . .

26 Una, hinango natin ito mula sa teyp, sa pagkakasulat niyon o pagkakabigkas. Alam n'yo, ang makapangaral ka ng isang sermon, ay isang bagay, at saka ang sumulat ng isang aklat ay iba naman. Kita n'yo, gaya ng mangyari na matalakay ko ang isang paksa, halimbawa sasabihin ko sa inyo, na mauunawaan ninyo, sasabihin ko, "Ngayon, ang binhi ng serpiyente," kita n'yo.

Buweno, ngayon, ang mambabasa ng aklat na iyon, kung inalis ninyo iyon, ay mag-iisip, "Ano kaya ang binhi ng serpiyente?" Kita n'yo? At hindi nila malalaman. Kung nagkataong napunta iyon sa isang lugar na tulad ng Princeton o sa kung saan, at kanilang—aakalain nila na tayo ay mga taong hindi nakakaintindi.

Kaya kinuha ko si Kapatid na Vayle para medyo tulungan ako rito at panatilihin ang hanay ng iisang kaisipan, at lagyan ito ng gramatika. At natitiyak ko na ang aking gramatika ay kanilang . . . Iyon ay magiging hiwaga sa kanila, tiyak na tiyak. Kaya ang . . . totoong mahusay diyan si Kapatid na Vayle, kaya siya'y gaya ng isang . . .

27 At saka pa, riyan, sa palagay ko ang naturang minamahal nating kapatid ay nakakuha marahil ng karagdagan pang inspirasyon, kahit papaano, at sinabi niya na susulat siya ng ilan pang sarili niyang mga aklat, mula sa mga iyon, ganoon. At kaya sumulat siya ng isa na tinatawag na, sa palagay ko, *Ang Propeta Ng Ikadalawampung Siglo*, at ang isa pa'y, *Iglesyang Laodicea*, sa palagay ko, o parang ganoon.

28 At sinabi sa akin ni Billy na, ngayong gabi, na palagay ko ilang libo sa mga iyon ang dumating ngayon; may nagdala sa mga iyon mula sa Texas. At kaya, ang mga iyon, darating ang mga iyon dito. At ipapaalám nila iyon, sa palagay ko, kung anuman ang mga iyon. Sa palagay ko'y may nagbayad na para sa mga iyon. Hindi ko tiyak. At kung ganoon nga, ipamimigay ang mga iyon sa inyo, nakita n'yo, din naman, nang walang bayad. At umaasa kami na masisiyahan kayo rito. At kung masiyahan nga kayo, kamayan ninyo si Kapatid na Vayle roon sa likuran at sabihin sa kanya kung gaano ninyong pinasasalamatan iyon. Hindi ko pa nabasa 'yon, ako mismo. Kung babasahin ko ang mga iyon, baka baguhin ko ang isipan ko tungkol diyan, kaya sisikapin kong basahin ang mga iyon sa linggong ito habang may pagkakataon pa ako, kung magagawa ko.

29 Yamang Miyerkules ng gabi ngayon, ang ating pagtitipon ay opisyal na magsisimula bukas ng gabi. Ngunit naisip ko, yamang naririto ako kasama n'yo, ako—ako—sadyang hindi ko magawang manatili roon sa bahay at—at nalalaman na kayong

lahat ay naririto. Ako . . . Tulad lamang ng, alam n'yo na, katulad ng dumating ang ilan sa inyong mga kamag-anak, alam n'yo na, at nagtungo kayo sa dulo ng kalsada para salubungin sila, alam n'yo na. At—at ako—naisip ko na sadyang pupunta ako rito at—at malugod kayong tanggapin sa Jeffersonville. At kaya nitong huling linggo ako ay halos . . .

Hindi, ipagpaumanhin n'yo, mga tatlong linggo na ang nakakaraan, nang umuwi ako. Nasa labas ako na nagsisikap na . . . Naparoon sa ilang mga pagtitipon sa buong Arizona roon, at bumalik ako upang sikaping magpahinga. At naglakbay ako sa pangangaso, at ako—nakuha ko ang pinakamalaking naitalang leon sa estado ng Arizona. Hinabol ko siya sa buong dalawampung milya ng kakahuyan para mahuli siya.

30 Ngunit gayon man ang isipin, bagaman, na hindi ko kailanman naisip nang ako ay bata pa . . . Para ipakita lamang kung papaano nangyayari ang mga bagay na ito, isang munting lugar na ipinagkaloob sa amin ng Panginoon doon, sa mga buwan na kami ay naroroon, at paaralan para sa mga bata.

Ako ay maliit na bata noon. Sa palagay ko'y naririto si Jimmy Poole ngayong gabi, marahil ay naririto ang kanyang tatay, ang matandang Jim. Magkasama kaming pumapasok noon sa eskuwelahan, at naaalala ko pa na nakaupo roon, na isang munting nanlilimahid na bata, at mga sapatos, nakasuot ng makapal na telang sapatos, na nakalabas na ang mga daliri ng paa sa mga iyon; hihiram ng isang pirasong papel sa isa, at isang lapis naman sa iba.

31 Dati akong sumusulat ng tula. At si Gng. Woods, rito, ay ipinabigkas iyon sa akin kaninang hapon sa teyp, tungkol sa aking lumang Ford, alam n'yo na, at 'yun ay—maganda ang isang iyon. Ngayon, sabi niya, "Aba, dapat mong ipadala 'yan kay G. Ford."

Sabi ko, "May napakalaking katotohanan, sa palagay ko," tungkol sa isang kumakalantog sa harapan, at isang lumalangitngit sa likuran, at isang palaisipang Intsik bilang kambyo. Ngunit ako . . . Ito ay—ito ay isang . . . Ngunit lagi kong sinasabi, ang tanging bagay na kailangan ko lang gawin ay magbilang ng apat na gulong, at ugain ito nang husto para mapaandar ito at pagkatapos ay sumakay na rito. Sabi ko, "Maganda kapagka paakyat na ako sa isang burol gamit ito, bibiyahe lamang nang napakabagal, sinasabing, 'Sa palagay ko kaya ko, sa palagay ko kaya ko, sa palagay ko kaya ko.' Pagkatapos ay magsisimula, sa kabilang panig naman, na sinasabing, 'Akala ko kaya ko, akala ko kaya ko.'"

Ganoon natin inaakyat ang burol na ito, katulad ng *Pilgrim's Progress*. Kaya tayo . . .

32 May isinulat akong isang maikling tula, na parang ganito. At sabi . . . Ngayon, isipin na lang, mga labindalawang taong gulang

lamang ako noon. At nakatayo ako roon sa itaas, noong isang araw, nakatingin sa tabi-tabing mga bangin na iyon; at iniisip, "Malalagay ang leon na iyon dito mismo sa pribadong silid na ito, na nakatanaw sa bintana," sa isang bintanang salamin. Iniisip ko noon ang isang maikling tula. Bumalik ako at inalala iyon, ganoon. Isipin lamang kung paanong ang Diyos . . .

33 Naniniwala ba kayo na ang Diyos ay nasa lahat ng inspirasyon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kailangang sumulat ang Diyos ng awitin. Naniniwala ba kayo na ang Diyos ay nasa mga awitin? ["Amen."]

Sinabi iyon ni Jesus. Tinukoy Niya si David, "Hindi ba ninyo nalalaman kung ano ang sinabi ni David sa Mga Awit? Alam n'yo, hindi ba . . . "

34 Tingnan ninyo ang mismong pagpapako sa krus. Inawit ni David iyon, doon sa ika-22 ng Awit, "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan? Lahat ng Aking mga buto, tinititigan nila Ako. Tinusok nila ang Aking mga kamay at Aking mga paa." Alam n'yo, at iyon ay isang awit. Ang Mga Awit ay isang—ay awitin.

35 At sa tula na ito, masdan lamang kung papaano ito nagkatotoo. Nakaupo roon, na isang munting bata na gamit ang hiram na piraso ng papel, sinabi ko:

> Ako'y nangungulila, oh, nangungulilang labis
> sa malayong timog-kanluran,
> Kung saan ang mga anino'y bumababang
> kaylalim doon sa tuktok ng bundok.
> Nakikita ko ang isang nakaabang na coyote sa
> buong palibot ng lilang hamog;
> Naririnig ko ang isang lobo na sumisigaw kung
> saan nanginginain ang mga longhorn.
> At sa isang dako sa itaas ng isang tabi-tabing
> mga bangin ay naririnig kong umuungal ang
> isang leon,
> Doon sa malayong Kabundukan ng Catalina sa
> hangganan ng Arizona.

36 Pagkalipas ng apatnapung taon, naroon ako mismo sa tabi-tabing mga bangin na iyon, na nakatitig sa akin ang leon na iyon.

O Diyos, may isang Lupain sa kabila ng ilog sa kung saan, mga kaibigan. Ito ay sadyang . . . Tiyak na naroroon iyon. Kita n'yo? Mayroong—napakaraming pangungusap tungkol dito. Ang lahat ng mga bagay na ito ay hindi mga kathang-isip lang; ang mga ito ay . . . Ang mga ito ay totoo. Ang mga ito ay mga katotohanan. Labis akong natutuwa na maparito ngayong gabi, na makasama ang mga taong ito na inaasahan kong makakasama kong maninirahan Doon magpakailanman, kung saan hindi na magkakaroon pa ng karamdaman, o kamatayan, o

mga paghihiwalay. At ang paglalakbay ay magiging wala nang anuman sa atin sa panahon na iyon.

37 Ngayon, sa palagay ko'y walang pagtitipon na kumpleto nang hindi binabasa ang Salita at magkaroon ng kaunting . . .

Kapatid na Neville, basta na lang akong pumarito. Sinabi ni Billy na gusto mo raw na mangusap ako. Tama ba, Kapatid na Neville? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Amen. Oo. Siyempre."—Pat.] Maaaring meron akong masyadong binabalewala na lang, ngunit ako—napakaganda ng pakiramdam ko tungkol dito. ["Aba, amen! Tunay ngang ganoon!"]

Kaya, ngayon, kayo na may mga awitin at gayong mga bagay, makipagkita kayo kay Kapatid na Neville kapag aawit kayo, at pagkatapos gawin lang iyon, doon. At magkaroon lamang ng mga kalahating oras na panimula, at dumako na tayo mismo dito sa mga totoong malalalim na Mensaheng ito at tingnan natin kung ano ang makikita natin na gagawin ng Panginoon. At sadyang nagtitiwala akong . . .

38 Ako—naniniwala ako na taglay natin ang Katotohanan. Tiyak ako roon. Naniniwala ako na ang trigo ay, ganap, na humihiwalay na ang balat nito mula rito. Alam n'yo. At, kita n'yo, maaaring magbigay ako ng kaunting pambungad tungkol diyan, bukas ng gabi, kita n'yo, kung papaanong humihiwalay na ang balat sa trigo. Ngunit kinakailangang maibilad ang trigo sa Presensiya ng Anak, upang mahinog. At iyon ang ipinaparito natin, kaibigan, ang manatili sa Presensiya ng Anak hanggang sa ang munting grupo natin ng mga tao rito, hanggang sa mahinog ito nang husto kay Cristo, na ito'y maging tinapay na sa Kanyang hapag. Iyan ang gusto kong magawa nito.

39 At ngayon bago tayo dumako sa Salita, pagkatapos ng pagbigkas ng mga tula, at iba pa, manalangin tayong muli. Pagkatapos ay kukuha na tayo ng isang teksto.

40 Minamahal naming Jesus, tulungan Mo po kami sa gabing ito ngayon, sa kaunting mga salitang ito, habang naghihintay kami sa Iyo. At dalangin namin na ang Iyong biyaya at habag ay mapasa amin, Panginoon. At palambutin Mo po ang aming mga puso; alisin ang lahat ng mga balat, ang mga tinik, ang mga dawag, hayaang ang pinagpalang sinag ng araw ng Diyos ay tumama sa Salita, Panginoon. At magkaroon nawa kami ng napakadakilang pagtitipon hanggang sa wala nang isa mang taong hindi ligtas sa aming kalagitnaan, na ang lahat ng mga anak ay mapasa Kaharian ng Diyos. Yaong mga hindi pa taglay ang bautismo ng Espiritu, matanggap nawa nila Ito, Ama. Nawa ang lahat ng dakilang mga hiwaga na dapat naming malaman sa kapanahunang ito, Panginoon, ay mahayag sa amin; at makita namin ang kaliwanagan ng Diyos, upang malaman namin kung papaano namin iaayos ang aming mga sarili at ikikilos, na itinutuwid ang aming mga sarili at isinasailalim sa disiplina ang

mga bahagi ng aming katawan tungo sa Salita, upang malaman namin kung papaano ang mamuhay sa kasalukuyang panahong ito sa pagparito ng Panginoong Jesus.

41 Sa pagbasa ko sa Iyong Salita ngayong gabi, Panginoon, maaaring magawa ko, sa pamamagitan ng kaunting edukasyon, na mabasa sa ilan nitong mga salita, at maaaring mamali ng pagbigkas sa iba. Ngunit, Panginoong Diyos, Ikaw lamang ang makakahango sa nilalaman mula roon. Ikaw lamang ang Nag-iisa na makagagawa niyon. Walang—walang paraan para magawa iyon kailanman ng isang tao; nakasalalay po iyon sa Iyong mga kamay, Panginoon. Kaya ibigay Mo po sa amin, bawat gabi, ang mga bagay na iyon na natatago sa Iyong Salita, upang kami ay maging mas mabuting mga Cristiano at mamuhay nang ayon sa panahon na aming kinabubuhayan, bilang mga halimbawa ng Cristianismo. Hinihiling namin sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Amen.

42 Ngayon, marami sa inyo, sa inyong mga Biblia, gusto kong dumako kayo sa Aklat ni Jonas. Ito'y isang…Lagi tayong nangungusap ng labis tungkol kay Jonas bilang isang tumalikod at lahat na. Noon pa ma'y ipinagtatanggol ko na si Jonas. Hindi ako naniniwala na tumalikod si Jonas. Ako—hindi ako naniniwala roon. Naniniwala ako na 'yun lamang ay… Ginagamit lang natin 'yon kung minsan, halimbawa, "Siya'y isang Jonas." Ngunit kung ating…Ipinangusap ko na ang tungkol dito, sa ibang paraan, sa pagsasalaysay kung papaanong naisip ko, si Jonas, kung anong nangyari.

> *Ang salita nga ng Panginoon ay dumating* kay *Jonas na anak ni Amittai, na nagsasabi,*
>
> *Bumangon ka,* at *pumaroon ka sa Ninive, sa malaking bayang yaon, at* humiyaw *ka laban doon; sapagka't ang kanilang kasamaan ay umabot sa harap ko.*
>
> *Nguni't si Jonas ay bumangon upang tumakas na patungo sa Tarsis mula sa harapan ng Panginoon, at siya'y lumusong sa Joppe; at nakasumpong ng sasakyan na patungo sa Tarsis: sa gayo'y nagbayad siya ng upa niyaon, at siya'y lumulan, upang yumaong kasama nila sa Tarsis mula sa harapan ng Panginoon.*

43 Hindi ba't iyan ay isang malungkot na wakas? *Isang Taong Tumatakas Mula Sa Harapan Ng Panginoon,* at iyon ang aking paksa.

44 Ngayon, una'y gusto nating pag-isipan ito. Si Jonas ay… Ang dahilan, ang pangunahing dahilan, kaya naniniwala ako na ginawa niya itong napakalaking bagay rito, ay dahil sa si Jonas ay isang Judio. At hiniling sa kanya na pumaroon sa isang siyudad na Gentil, para humiyaw laban dito; iniisip na hindi siya tatanggapin. Dahil, iisipin ng mga Gentil, "Ano ba'ng kinalaman ng Judiong ito sa atin?" Ngunit, nakita n'yo, ang isa

pang bagay, nagbibigay ito sa atin ng isang dakilang bagay rito upang makita, na ang Diyos ay hindi lamang Diyos ng Judio, kundi Diyos din naman Siya ng Gentil. Siya ay Diyos ng lahat ng mga tao.

45 Pinili lamang Niya ang mga Judio. Ang mga Judio ay tinawag na piniling bayan ng Diyos. Pinili sila para sa isang tiyak na layunin. At ang layunin na iyon ay, upang ibigay sa kanila ang kautusan, at hindi nila magawang tuparin iyon. At ipinakita lamang Niya, sa pamamagitan ng bayang iyon, na hindi maaaring magawa na sundin ang kautusan, at na Siya ay isang—isang—isang Diyos ng katuwiran. At nangangailangan ng katuwiran ang kautusan, subalit walang biyaya sa kautusan, para maglabas sa isang tao. Walang kaparusahang binayaran ng kautusan, kundi kinailangan ang biyaya upang bayaran ang kaparusahan, o kung saan tayo isinailalim ng kautusan.

46 At si Jonas dito ay tinawag, bilang ganito, na isa sa mga mas mababa na propeta sa Biblia, upang pumunta sa siyudad na ito.

At dito ay makakasumpong tayo ng isang halimbawa ng lahat sa atin. Bawat isa sa atin, lagi tayong may tinatakasan. Tumatakas tayo sa gulo. Tumatakas tayo sa mga pananagutan. Tayo, malamang na ganoon ang gawin nating lahat. Tayo, tayo ay mga, mas malamang na takbuhan natin iyon kaysa sa manindigan tayo at harapin iyon. Kita n'yo, tayo lamang. . . Ating—ating—nasusumpungan natin ang ating mga sarili na tumatakas.

Kung minsa'y nasusumpungan natin ang ating mga sarili na malamang na tumatakas sa trabaho. Ayaw natin, ayaw nating gumawa. Sadyang akala ng ibang tao na puwede silang kumita ng ikabubuhay nang hindi nagtratrabaho. Ngunit, sa palagay ko, si Solomon ang may sabi na masusumpungan natin dito ang sagot, sa pagmamasid sa isang langgam.

47 Alam n'yo, ang isang maliit na langgam, sinasabi nila sa akin na kung 'yung (bawat) langgam ay hindi magtratrabaho at mag-iimbak, ang langgam na iyon ay hindi rin kakain sa taglamig na iyon. Kaya, ang lahat ay dapat na—na magtrabaho.

48 Napakarami nating mga bagay na kailangan nating gawin, napakaraming responsibilidad na dapat nating harapin. Kailangang harapin ng bawat isa ang responsibilidad.

49 Kapag kayo—kapag humantong na kayo sa—sa pagpili ng inyong maybahay, upang magpakasal na, o pagpili ng inyong asawang lalaki, kayo—kailangan ninyong tanggapin ang isang responsibilidad. At saka dapat ninyong tandaan. . .Marahil ay magtatayo kayo ng isang tahanan; ito'y isang mainam at magandang tahanan. At pagkatapos, tandaan n'yo, bilang isang babaeng may asawa na, dapat mong isipin ang responsibilidad ng pagpapalaki sa mga anak. At dapat mong isipin na 'yang magaganda't makikinis na mga pader ay mapupuno ng maliliit

at maruruming bakat ng kamay ang mga 'yan. Pagkatapos mayroon kayong responsibilidad na turuan ang inyong mga anak. May responsibilidad kayo na damitan sila at pakanin.

50 Ang lahat ng bagay ay pawang responsibilidad. At napakadali, kapag kaharap na natin ang mga responsibilidad, na umiwas sa mga iyon. At napag-aalaman natin na ang pag-aasawa ay isang responsibilidad, sa lahat ng paraan.

51 Maging, sa maraming mga pagkakataon, masusumpungan natin. . .Mahirap itong sabihin, ngunit ito'y totoo, na ang mga ministro, sa maraming pagkakataon, ay umiiwas sa isang responsibilidad na manindigan para sa tunay na Salita ng Diyos kapag sila'y kinaharap Nito. Iiwasan nila ang ganoong responsibilidad. Kapag naiharap ang Katotohanan ng Salita ng Diyos sa atin na mga tao, mayroon tayong. . .mahilig tayong umiwas hanggang sa huling magagamit na paraan.

52 Katatapos ko lang makipag-usap sa munting pamangkin kong lalaki roon. Isa siyang Katoliko, at siya. . .At binautismuhan ko ang batang iyon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, rito ilang taon na ang nakararaan, at napasama siya sa isang munting dalaga at naging Katoliko. At hawak ko noon ang kamay ng kanyang ina habang naghihingalo ito sa dako roon. Sabi nito sa akin, ang huling mga salita, "Ikaw na ang bahala kay Melvin." At siya nga'y kapapanaginip lang ng mga panaginip. Sadyang hindi niya magawang. . .Bawat, bawat araw, nitong huling linggo, ay nakakapanaginip siya ng mga panaginip. Sabi, "Pumapasok daw ako sa inyong simbahan, Tito Bill, at nakatayo ka raw doon na nangangaral. Lalapit ako, para magsimulang mangumpisal. Magigising na ako." Sabi niya, "Ako—nagkamali ako."

Sabi ko, "Melvin, hindi mo na kailangan ng interpretasyon para diyan. Ang lugar mo ay doon kung saan ka nararapat." Siyanga. Kita n'yo?

53 Ngunit ang harapin ang mga responsibilidad, kung minsan ay talagang napakasakit sa atin, ang gawin iyon. Bilang isang ama, ang harapin ang responsibilidad, ay paluin ang iyong anak. Silang mga mumunting bata, na ayaw mo sanang gawin iyon. Ngunit bilang isang ama o isang ina, kailangan mong harapin ang responsibilidad ng pagpapalaki sa batang iyan, dahil sinabi ng Biblia, "Iurong mo ang pamalo at pamimihasain mo ang iyong anak." At nananatili pa rin 'yan na mabuti sa paningin ng bawat psychologist na mayroon sa mundo. Nananatili pa rin iyan na Katotohanan ng Diyos. Kung marami lang sana ang gumagawa niyan, hindi sana tayo nagkaroon ng napakaraming masamang asal ng kabataan at mga ganung bagay, at ng kabulukan na mayroon tayo sa sanlibutan ngayon. Ngunit ang matandang ginintuang panuntunan ng tahanan ay nasira na, matagal nang

panahon, at pinababayaan na nila ang mga bata na gawin ang anumang gustong gawin ng mga ito.

54 Ngunit maging gaya nga ng sinabi ko, ang mga ministro, haharap sila nang mukhaan sa Katotohanan, at pagkatapos ay tatalikuran nila Ito. Kita n'yo, sila'y—sila'y mayroon lamang . . . Para bang may bagay na kanilang—ayaw nila itong harapin.

55 Maraming pagkakataon na may mga taong lumapit sa akin, sinasabing, "Alam kong tama 'yan, Kapatid na Branham, ngunit kung gagawin ko iyan, patatalsikin nila ako sa iglesya." Ano naman kung ganoon? Kung hindi mo gagawin, patatalsikin ka naman nila, Doon sa itaas. Kaya patatalsikin ka rin naman talaga, saan man, kita n'yo. Kaya mas maigi pang harapin mo na iyon, sa halip na takasan ito at sabihing, "Buweno, pupunta ako sa dako *rito*. Hindi na ako babalik." Bumalik ka, siyanga, pakinggan mo pa ang ilan Nito.

Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan. Sinabi ni Jesus, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito'y siyang nagpapatotoo sa Akin." Ngunit napag-aalaman natin na ayaw harapin 'yan ng mga tao.

56 Kapag dinala ka, sa Presensiya ng Diyos, at nakita na kapag nangako ang Diyos, at ang Diyos ay obligado sa pangakong iyon. At kapag isinakatuparan na Niya ang pangakong iyon, saka naman natatakot ang mga tao na humarap sa responsibilidad na makaabot sa pamantayan ng Mensahe para sa panahong iyon. Makikita natin iyan sa lahat ng dako.

57 At kayo namang mga Lutheran? Ilang Lutheran noon ang natakot, natakot ang mga tao na harapin ang Katotohanan ni Luther noong lumabas siyang dala ang pag-aaring-ganap? Tingnan n'yo kung ano ang naging kabayaran nito sa inyo, marahil ang buhay n'yo mismo, upang lumabas at ipahayag si Jesus Cristo at—at maging isang—isang Lutheran.

58 Tingnan n'yo kayong mga Methodist, kung papaano na dati-rati, kayong lahat ay tinawag na mga holy-rollers. Sa palagay ko'y alam ninyo 'yan. At mapapasa ilalim sila sa Espiritu, at mangingisay-ngisay. At sabi nila na sila—mayroon silang "mga pangingisay." Ang mga Meth- . . . Iyon, hindi, hindi 'yun mga Pentecostal; mga Methodist 'yun, matagal nang panahon ang nakararaan. At nangingisay sila, at nanginginig, at natutumba sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos. At sinasabuyan sila ng tubig sa kanilang mga mukha, at pinapaypayan sila ng mga pamaypay, sa pag-aakalang sila'y hinimatay na. At, ngayon, itinuring kayo noon na isang pangkat ng mga holy-roller. Ngunit kinailangan ninyo, ang inyong mga ina at mga ama, ay kinailangan na alinman sa tanggapin Iyon, harapin ang Katotohanan at mga katunayan, o tanggihan ito.

59 At kayo namang mga Pentecostal na tumanggap ng pagpapanauli ng mga kaloob, nang dumating ang bautismo ng Espiritu Santo, na may pagsasalita sa ibang mga wika, at ang mga kaloob ng Espiritu ay bumalik sa iglesya? Aba, gusto ng mga Methodist na patalsikin kayo, at ginawa nga nila iyon. Ngunit kinailangan ninyong harapin iyon. Iyon ay isang bagay na kinailangan ninyong gawin.

At ang tungkol naman sa usaping iyon, nang lumabas iyon, ang tungkol sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at nakita ninyo na iyon ang Katotohanan? Kailangan ninyong harapin iyon, o gumawa ng isang bagay tungkol dito.

May responsibilidad kayo, may responsibilidad ang lahat, at dapat ninyong harapin ang mga bagay na ito. Sige.

60 At kapag nakita ninyo kung gayon, sa panahon na ito ngayon, kapag isinakatuparan na ng Salita ng Diyos itong mga pangako tungkol sa mga bagay na nakikita nating nagaganap na ngayon, kung gayon ay mayroon tayong responsibilidad na harapin Ito o lumayo Rito. Kailangan n'yong. . . Sadyang hindi kayo maaaring manatili na walang pinapanigan. Kailangang may gawin kayo tungkol Dito. Sabi. . . Kailangang makagawa ng isang hakbang.

Hindi ninyo magagawang pumasok sa pintuan ng simbahan na 'yan at lalabas na katulad pa rin ng dati nang kayo'y pumasok. Kayo'y kung hindi mas napapalayo pa, ay mas napapalapit pa sa Diyos, sa tuwing pumapasok kayo o lumalabas diyan.

61 Oh, napakadali sa mga tao na iwasan ang mga bagay na ito. At gusto kong pag-isipan natin ang mga bagay na ito kapag nag-umpisa na tayo sa opisyal na mga gawain bukas ng gabi, na, gusto kong mapansin ninyo kapag may naiharap na bagay, kung kayo. . . kung may katanungan tungkol doon. Kung may tanong tungkol doon, tiyak na mayroon ding sagot.

62 Sabihing, halimbawa, sinabi ko na papunta ako ng kanluran, at itinuro ninyo ako sa gawing *ito*. Buweno, bigla na lang, malalampasan ko ang puntirya ko, at ako'y lubha nang. . . ako'y nasa hilagang-kanluran na pala. Buweno, ano kaya kung may isang magturo sa akin sa gawing *ito* naman, at pumunta ako sa daan na iyan? Lalampasan ko ang puntirya ko uli; napunta ako sa timog-kanluran. Buweno, hangga't may katanungan, kung saan banda ba ang kanluran, tiyak na may direktang kasagutan sa kung saan.

At kapag kinompronta tayo ng mga katanungang ito, tungkol sa mga Katotohanan ng Biblia, mayroong tiyak na tamang kasagutan kung saan. Siyanga. Tiyak na naroon iyon.

63 At kapag nakita nating iniharap ang isang Bagay, sa palagay ko, sa halip na tumakas lamang palayo, na sabihing, "Ah, walang kabuluhan! Hindi ko mapapaniwalaan ang bagay na

tulad Niyan. Hindi ko mapapaniwalaan Iyan," bakit hindi ninyo kunin ang Biblia, at maupo at harapin Iyon? Pag-aralan Iyon. Naririto kayo sa pagtitipon ngayon, siyasatin n'yo lamang Iyon. Alamin n'yo kung tama Iyon, kayo mismo, sa Salita. Siyasatin ang Salita, sa pamamagitan ng Salita. Ganoon lang ang tanging paraan para gawin Iyon na sabihin ang Katotohanan. At dapat na sabihin Niyon ang Katotohanan, mula Genesis hanggang Apocalipsis.

64 Si Cristo ang kapahayagan ng buong Biblia. Nasa Kanya, kay Cristo, ang buong kapuspusan. Ang kaganapan ng lahat ng mga propesiya ng Biblia ay natupad nang walang pasubali kay Cristo Jesus, dahil Siya ang Diyos na nahayag sa laman.

65 Ngayon kapag nakita natin ang mga bagay na ito, bagaman, kapag nakaharap at pumunta tayo sa isang pagtitipon, at nakita ang Kapangyarihan ng Diyos na kumikilos at gumagawa ng mga bagay, at gumagawa ng supernatural na mga gawa, at makita iyon na isinagawa, at titingnan sa Biblia at makita na iyon nga ay ipinangako para sa panahong ito; kung gayon kapag nakita natin ang mga bagay na iyon, kung gayon ay kinukompronta tayo ng responsibilidad na kung tatanggapin ba iyon, ibig kong sabihin, bilang sa ating mga sarili.

66 Ngayon, maraming tao ang umaayon, maraming tao ang nagsasabing tama iyon. Ngunit iyan ay hindi—hindi niyan ginagawa iyon na kung ano. . .Hindi iyon ang bagay na pinananagutan ninyo. Gaya nga ng sinabi ko, paano kung mayroong. . .

67 Kung isa akong binata, at naghahanap ng mapapangasawa, para pakasalan; at naritong nakatayo ang isang dalaga na tumugma sa lahat ng katangian na sa palagay kong kinakailangan upang maging isang tamang-tamang babae. Aba, sa kagandahang-asal ay isa siyang reyna, at kaibig-ibig, at—at mainam na personalidad, isang tunay na Cristiano, lahat ng bagay na maiisip ko, upang maging mabuting asawa para sa akin. Gaano ko man sabihin na siya'y perpekto, na siya'y tamang-tama, siya ay hindi akin hanggang sa tanggapin ko siya at ang pananagutan sa kanya bilang asawa ko.

68 Ganyan din sa Mensahe. Maaaring sabihin mo, "Tama ito, o *ito, iyon*, o ang *iba pa*." At sabihing, "Sinasang-ayunan ko Ito. Naniniwala ako na Ito ang Katotohanan." Ngunit kailangan mong tanggapin Ito; at Ito'y dapat na maging kabahagi mo, at ikaw ay kabahagi Nito. Kailangan mong. . .Kung gayon, Ito'y sa iyo na.

69 Kapag pinakasalan mo ang naturang babaeng ito na iyong pinili, kayo ay—kayo ay iisa na kung gayon.

At ganyan din kayo kay Cristo. Kapag nakita ninyo Siya na nahayag at naging totoo, kung gayon ay kabahagi ka na Niya, at

kabahagi mo na Siya. At, magkasama, na kayong kabahagi ng Mensahe.

70 Oh, gaano karaming barkong denominasyonal ang mayroon tayo na patungo na ng Tarsis, para sa mga Jonas ng panahong ito, siyam na raan sa mga iyon, higit pa, mga barkong tinatahak ang madaling landas. Ayaw harapin iyon.

Ayaw ni Jonas na harapin, ang bagay na pagpunta sa mga Gentil. Ayaw niyang dalhin ang malupit na Mensaheng iyon doon, "Sa loob ng apatnapung araw, kayo'y mapapahamak kung hindi kayo magsisipagsisi." Hindi niya gustong gawin iyon. At inakala niya, "Silang mga Gentil, mahirap nang sabihin kung ano ang gagawin nila sa akin." Ngunit kinailangan niyang harapin iyon. Kita n'yo? Ngunit lumulan siya sa isang maginhawang barko at nagpunta ng Tarsis, nagpunta sa baba ng loob ng barko at natulog; pinili ang madaling daanan.

71 Iyon ay isang maginhawang landas, iyon ay isang daanan na popular sa mga tao. Madaling piliin ang daan kung saan matatapik ka ng lahat sa likuran at sasabihing mabuti kang tao, "At ito ay *ganito-at-ganito* at ganoon," at hahangaan ka ng sanlibutan. Madaling pumaroon sa daan na tinatangkilik ng nakararami.

Ngunit kapag—kapag kailangan mo nang gumawa ng isang bagay na iba, kapag kailangan mo nang manindigan sa iyong matibay na paniniwala sa alam mong Katotohanan, doon na ang mahirap na bahagi, doon na nagkakaproblema, doon na mismo.

72 Oh, gaya nga ng lagi nating inaawit ang lumang awitin na iyon:

Napakaginhawa habang naglalayag sa dagat,
at ito'y payapa,
Ang magtiwala sa lakas ng makapangyarihang
bisig ni Jehovah.

Subalit, oh, hayaang magsimulang mag-ingay ang mga alon, hayaan—hayaan ang hangin na umihip at palakasin ang mga alon, kung gayon anong gagawin mo?

73 Para bang 'yung naikuwento sa akin, minsan, na sinabi ng isang binibini. Noong mga araw pa ng kabayo at bagon, na ang sabi tumakbo raw ang kabayo na kasama siya, palayo sa simbahan. Sabi, "Anong ginawa mo?"

74 Sabi, "Nagtiwala ako sa Panginoon hanggang sa napatid ang mga lubid." Buweno, iyon na ang oras para magtiwala sa Panginoon, matapos ang bawat. . . pagkatapos na mapatid ang lubid. Nagtitiwala ka sa mga lubid hanggang sa mapatid na ang mga 'yon. Oo.

75 At kaya nasumpungan natin na marami tayong maginhawang mga landas na matutunguhan, mga barko na papunta sa Tarsis, sapagkat iyon ay maginhawa, ang kawalan

ng mga responsibilidad. Basta na lamang dumadaloy iyon, dumarating na lang ang lahat sa iyo; gustung-gusto ka ng lahat. At, sa lahat, ikaw ay isang . . . Walang sumasalungat sa iyo; wala kang sinasalungat. Ngayon, kung hindi ba naman iyon pangkuskos ng plato! Siyanga. Oo, madaling mabola, balimbing! Aba, sinuman, hindi mahalaga sa akin kung sino ka, at kung ano ang pinaninindigan mo . . . Sa katunayan, mas igagalang ka pa ng mga taong matino ang pag-iisip kung maninindigan ka sa iyong matibay na paniniwala sa kung ano ang tama. Tama. Hindi mahalaga . . .

76 Ipagpahalimbawa n'yo ang isang babae, maaaring siya'y hindi gaanong kaakit-akit, at maging ano man siya; ngunit hayaan mong manindigan ang babaeng 'yan para sa mga prinsipyo ng pagkababae, hayaan siyang manindigan na tulad ng isang binibini; at kung ang isang lalaki ay may taglay na katiting na pagkalalaki man lang, ay ipagtatanggol niya ito. Walang alinlangan. Hinahangaan natin ang isang bagay na—na taglay ninuman, na naniniwala sila na iyon ay katotohanan at maninindigan para sa iniisip nila na tama.

77 Hindi talaga alam kung ano ang pinaninindigan, ganyan ang napakaraming mga Cristiano ngayon, pawang mga napakadaling mabola at lahat na, hanggang sa akala nila ang tanging gagawin nila ay umanib lamang sa isang iglesya, pumasok sa kung saan, ilagay ang pangalan nila sa isang aklat, o gumawa ng isang munting bagay, magpalundag-lundag, sumigaw, o—o parang ganoon, at tatawagin iyon na Cristianismo.

Ang Cristianismo ay isang pang-araw-araw, na buhay para sa matatatag, namumuhay para sa Diyos sa . . . sa harapan ng sanlibutang ito. Ito'y isang patuloy na pag-aalab ng Apoy at pag-ibig ng Diyos, sa puso, na pinapagningas kayo at inilalagay kayo roon na kasama ng mga tao, at nakakapag-akay patungo kay Cristo. Mga responsibilidad.

78 Ngunit napakadaling pumaroon sa daan na pinatutunguhan ng sanlibutan. Napakadaling magpatianod sa daloy.

Pumaroon ka at maupo sa ilog, sa iyong bangka. Kunin mo ang iyong mga sagwan at magsimulang humatak pasalungat sa agos; hindi magtatagal, at mahihirapan ka na. Subalit alisin mo lamang minsan ang mga sagwan at masdan mo kung gaano mo kabilis lampasan ang mga punongkahoy, pababa, ngunit tingnan mo kung saan ka papunta!

Kapag ang mga bagay ay umaagos nang maginhawa, tandaan, papunta ka na sa isang—isang napakalaking talon sa dako roon, ng kung anong uri. Papunta ka sa mga talon, at hindi magtatagal ay mahuhulog ka sa mga talon na iyon. Basta nagpapatianod lamang kasama ng sanlibutan, maginhawa, sa

patutunguhan nito, ayaw mo iyon. Hindi, po. Ngunit kailangan mong pana-. . . tanggapin ang iyong responsibilidad.

79 Ngayon, sinasampalatayanan mo Ito, at mayroon ka nang a-. . . Sa palagay mo Ito ang Katotohanan.

80 At ang responsibilidad na ibinigay sa atin ng Diyos sa panahong ito, na dalhin ang Mensaheng ito! At habang ako'y tumatanda, at alam kong umiiksi na ang mga araw ko, nararamdaman ko ang responsibilidad higit kailanman. Nagpapatuloy, kailangan nating gawin iyon! Kailangan tayong dumako roon, saan man tayo magpunta, at ipahayag ang Mensahe; at—at sabihin sa mga tao na paparating na si Jesus Cristo, na Siya'y Diyos at malapit na Siyang dumating. Wala nang—wala nang pag-asang nalalabi pa sa sanlibutan kundi ang Pagparito ng Panginoon.

81 Sa pagtingin ko diyan sa likuran sa ilang mga kaibigan na kasama ko noon doon nang ang Anghel ng Panginoon. . . Ang mga kalalakihang ito na nakaupo rito, sa palagay ko'y natagpuan nila ang lugar kung saan iyon nangyari sa itaas doon. At sadyang maaalala kung ano ang sinabi ng Panginoon noong araw na iyon, kay Kapatid na Woods. Na naglalakad noon paakyat sa bundok. At—at para bang umiiyak siya, dahil may sakit ang kanyang asawa. At sabi ng Panginoon, "Pulutin mo ang batong 'yan at ihagis mo sa ere, at sabihing, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON.'" At ginawa ko nga iyon. At si Kapatid na Woods ay nakaupo rito bilang isang saksi.

82 At sabi ko, "Kapatid na Woods, hindi magtatagal hanggang sa makakakita ka ng isang bagay na mangyayari." At kinabukasan, noong nakatayo kami roon, lahat kami sama-sama. . . At isang pangkat ng mga kalalakihang iyon ang naririto mismo ngayong gabi.

83 Naroon noon ang isang batang mangangaral, at isa siyang. . . Napansin ko. . . kakikilala ko pa lang sa kanya nung gabi bago iyon. Naroon siya sa aming kampo. Pumunta siya para sumama sa amin. At sinabi niya sa akin, sabi niya, "Kapatid na Branham, nakakakita ka ba ng mga pangitain, pag sa labas gaya nito?"

84 Sabi ko, "Oo, ginoo. Ngunit nagpupunta ako rito para lumayo riyan, para medyo makapagpahinga nang kaunti." Sinabi niya. . . "Buweno," sabi ko, "ako—ako. . . Mangyari pa, nagpapakita Siya sa akin ng mga bagay-bagay rito sa labas." At sabi ko, "Doon lamang sa may burol, kung saan nagpakita ang pitong Anghel doon."

Sabi niya, "Oo nga, naiintindihan ko." Sabi, "Isa ako sa mga isponsor ng pagtitipon mo noon doon sa California."

Sabi ko, "Aba, ako'y totoong nagagalak na malaman iyan."

85 At habang nakatayo roon, noon din ay tumingin ako sa paligid at nakita ko ang isang medyo mataba na doktor na tumitingin sa kanyang mga mata, at narinig kong sinasabi nito, “Mabubulag ang mata mong iyan, dahil may allergy riyan. At ginagamot ko ’yan ng dalawang taon na, at mabubulag ang mata mong iyan.”

Sabi ko, “Ang dahilan kung bakit itinanong mo sa akin ’yan, ay dahil sinabi sa iyo ng doktor mo noong isang araw na mabubulag ang mata mong iyan.”

At sabi niya, “Tama iyon,” at tumingin siya sa paligid nang *paganoon*.

86 At nakita ko ang kanyang ina na inalis ang isang stockings nito at ipinakita ang kanyang paa, na may mga maliliit na mga buhay na bukol na nakabitin sa pagitan ng kanyang mga daliri sa paa, sa buong binti niya; at sabi, “Kung makita mo si Kapatid na Branham, sabihin mo sa kanya na ipanalangin ito.”

Sabi ko, “Ipinakita ng iyong ina ang kanyang . . . inilabas ang kanyang paa nang *paganoon*, at sinabing mayroon siyang . . . may maliliit na mga buhay na bukol sa buo niyang—ng kanyang mga daliri sa paa, at parang ganoon; at sinabing, ‘Ipapanalangin mo kay Kapatid na Branham.’”

Sabi niya, “Kapatid na Branham, ’yan ang katotohanan.”

87 Tumingin ako uli. Nang gawin ko, nakita ko siyang nakatayo roon na nakatingin sa akin, nang *paganoon*, na ang kanyang mga mata ay napakalinaw na. Nakita ko siya nitong taglagas; mayroon siyang mga mata na mas malinaw pa kaysa sa sinuman doon sa kampo. Pinagaling siya ng Panginoon at pinabuti siya.

88 Habang nakatayo ako roon, sabi ng Panginoon, ipinakita sa akin kung ano ang mangyayari. “Nagbabadyang tumama ang paghatol sa Kanlurang Baybayin.” At sinabi Niya, “Magpunta ka roon, sa tabi nung sigaan.”

89 At may hawak akong pala noon; na lumakad papunta roon. At si Kapatid na Roy Roberson, kilala natin siyang lahat rito. Wala siya rito ngayong gabi, sa pagkakaalam ko; siya’y nasa Arizona roon. Siya ang tagapangulo ng mga katiwala rito, at kilala ko siya bilang isang beterano. At may mangyayari na noon; isang talagang magandang, payapang umaga, mga alas-diyes ng umaga. Nakakalat sa paligid ang mga kalalakihan, sampu o labindalawa kami, nagbababa ng mga tolda, at binabalatan ang mga baboy, at ganoong mga bagay. Kaya kami . . . Naglakad-lakad ako, sabi ko, “Roy, magtago ka, dali. May nagbabadyang mangyari.” Wala na akong masabi pa sa kanya. Ngunit noong oras na makarating ako roon . . .

At bumababang mula sa kalangitan ay dumating ang ipuipo ng Diyos, at dumagundong, para bang, niyanig ang mga burol, tumatakbo papasok ng bundok na iyon, tumagpas ng bahagi

mismo sa palibot niyon, mga limang talampakan sa itaas ng ulo ko, at pinutol lahat ng itaas nung mga punongkahoy, habang bumabagsak ang mga bato. Pumaitaas sa ere at bumaba uli, na may isa pang malaking bautismo, at tumama sa buong kabundukan, at pinabagsak ang mga bato nang paganoon. Ginawa iyon nang tatlong beses, at pagkatapos ay pumaitaas na sa ere.

At lumapit si Kapatid na Banks sa akin, sabi, "Iyan ba 'yung sinabi mo kahapon?"

Sabi ko, "Opo, ginoo, iyan na nga mismo." Kita n'yo?

90 At pagkatapos dalawang araw matapos iyon, lumubog ang Alaska, halos, sa dako roon. At pabalik-balik doon sa Kanlurang Baybayin na iyan ang mga pagkulog at mga pagyanig, at ang lahat na'y nangyayari na. At isa sa mga araw na ito ay lulubog siya sa ilalim ng karagatan. Tama. Ano nga ito? Tayo'y nabubuhay sa panahon ng Pagparito ng Panginoon.

91 Nakikita natin ang mga ismo at mga bagay-bagay na naglilitawan na, at lahat nitong kakaibang mga bagay, alam natin na tiyak na may isang totoong kasagutan dito.

May mga tao rito sa bansa ngayon, na pumapasok na sa mga yungib at mga ganung bagay, "At sa ika-16 ng Marso," nabasa n'yo na iyon sa pahayagan, "ang Panginoon ay darating na." Alam n'yong hindi naman totoo iyon.

Ang sabi ni Jesus, "Walang nakakaalam ng sandali o ng oras."

92 Kapag nakikita na natin ang lahat ng mga bagay na ito, at nangyayari na ang mga bagay sa paraang dapat mangyari, at tiyak na may isang totoong kasagutan mula sa kung saan man. Kailangang may isang Katotohanan. May isang, silangan; at isang, kanluran; ngunit mayroon ding isang, timog-silangan, at hilagang-kanluran, o kung ano man. Subalit kailangang may isang totoong kasagutan, mula sa kung saan man, sa suliraning iyon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

93 Ang iwasan ba iyon? Dapat nating sabihin sa mga tao na tayo ay nabubuhay sa mga oras na ng Pagparito ng Anak ng Diyos. Gusto nating—gustong magbantay at na nasa pagkilos (ang Diyos), sa lahat ng oras, na nakahandang bigyan ang isang tao ng isang tamang kasagutan.

94 Ganoon na noon pa man. Iyon ay—nasa tao na, na umiwas at lumayo sa Diyos, mula pa noon kay Adan, sa halamanan ng Eden. Noong nasa halamanan pa ng Eden si Adan, noong humantong siya sa responsibilidad na pumili, kung siya ba'y mananatili sa Diyos o sasang-ayon sa kanyang asawa, kinailangan niyang gawin 'yung res-. . .kinailangan niyang gawin iyon, ang—ang responsibilidad ay nasa kanya. Kinailangan niyang piliin sa dalawa kung ang sinabi ba

ng kanyang asawa o ang sinabi ng Diyos. At nang piliin niya ang pumaroon sa daan ng kanyang asawa, at noong ginawa niya iyon, nang magkagayo'y naiwala niya ang kanyang orihinal na kalagayan. At naipasailalim ang buong sanlibutan sa kamatayan, noong kinailangan niyang piliin ang naturang responsibilidad, o di kaya ay tanggapin ang isang bagong liwanag na nasumpungan ng kanyang asawa, na salungat.

O Diyos! Isipin n'yo iyon. Binigyan sila ng Diyos ng mga walo o sampung Salita lamang para sundin. "Subalit huwag kang kakain mula sa punongkahoy na iyon." Tanging iyon lang ang kailangan nilang sundin. At maging sa gayon lang kakaunti na Salita, ay sinuway pa nila Iyon.

At pagkatapos ay kinailangang harapin ni Adan, "Gagawin ko ba, gagawin ko ba ang sinabi ng aking asawa na gawin ko, o gagawin ko ang sinabi ng Diyos na gawin ko?" At humayo siya na dilat ang kanyang mga mata. Kinailangan niyang akuin ang responsibilidad. Iyon ang nagtapon sa sangkatauhan sa kamatayan.

95 Dumating pagkatapos yaong isa pang Adan, na si Cristo, wala pa kailanman na tulad Niya! May magsasabi ba na Siya ay hindi Diyos? Ang pagiging bukod-tangi Niya ang nagpapatunay na Siya ay Diyos. Wala kailanman ni isang nilalang na nabuhay katulad Niya. Nabuhay Siya sa isang daigdig sa Kanyang Sarili. Isinilang Siya na labas sa saklaw ng natural, at makasalanang tao. Hallelujah! Siya ang Manlilikha Mismo na nagkatawang-tao.

Sino kailanman ang makatatayo sa kung saan Siya tumayo? Sino kailanman ang nangusap na katulad Niya? Sino kailanman ang makapagsasabi ng mga bagay na sinabi Niya? Sino kailanman ang makagagawa ng mga bagay na ginawa Niya? Patunay ang pagkabukod-tangi Niya na Siya ay Diyos. Walang isa mang propeta o walang iba pa ang makagagawa ng ginawa Niya; Na nagagawang buhayin ang patay mula sa libingan, at Siyang nakapipigil sa kalangitan, at nakagagawa ng anumang bagay na gusto Niyang gawin. Siya ay Diyos. Sino ba ang makatatayo sa Kanyang lugar? Sino? Ano pa nga ba Siya kundi yaong sakdal, walang-kamatayang Diyos, na nagkatawang-tao at nanahan sa gitna natin!

96 Wala kailanman ang maikukumpara sa Kanya. Nabuhay Siya sa isang daigdig sa Kanyang Sarili. Walang tao kailanman na nangusap tulad Niya. Kapag ibinuka lamang Niya ang Kanyang bibig, ay may kung anong tungkol dito, na kakaiba kumpara sa iba pa. May nagsabi na isa lang daw Siyang pangkaraniwang tao; sinasalungat ko iyan. Siya ay Diyos. Ganoon nga Siya. Sapagkat, walang sinuman kailanman ang nangusap na tulad Niya, walang sinuman kailanman ang makapagsasalita nang tulad Niya, dahil Siya ang buhay

na Salita Mismo na nagkatawang-tao, ang kahayagan ng kapuspusan ng Diyos.

97 Tatanggapin ko, na silang mga propeta ay may mensahe noon. Mayroon sila niyon noon; mayroon sila niyon ngayon. Ngunit naroon ang kapuspusan ng Pagka-Diyos ayon sa laman, na nahayag diyan. Siya Yaong namumukod-tangi, at Siya Yaong kailangang humarap sa naturang usapin. Taglay ang lahat ng dakilang kapangyarihan na mayroon Siya, na walang dudang naging hari sana Siya ng daigdig. Magiging Hari nga Siya; at Siya, sa Kanyang mga banal, ay Hari na Siya ngayon.

98 Nanindigan Siya roon. Anong tao ang magiging mahirap, walang lugar na masasandigan ng Kanyang ulo; na nakakaalam maging kung nasaan ang isda na nakalunok ng barya? Sino, anong tao ang makakakuha doon sa malalaking banga ng tubig at gawing alak ang mga iyon, at wala man lang lugar na mapagsandigan ng Kanyang ulo? Kinailangan Niyang harapin ang mga responsibilidad na naiatang sa Kanyang kamay. Anong tao ang makapagbabangon ng patay mula sa libingan, matapos itong mamatay nang apat na araw na at mabulok?

Hindi ba Niya magagawang iligtas ang Kanyang Sarili? Tunay nga, na magagawa Niya; ngunit kung ginawa nga Niya, hindi sana Niya tayo nailigtas. Kinailangan Niyang harapin ang mga responsibilidad, at dahil sa Kanyang pagkamasunurin sa Salita! Kung saan, ang pagsuway ni Adan noon, at dumaan siya sa mas maikling ruta, ang—ang daang patungong Tarsis. Subalit tinahak ni Jesus ang daan na patungong Ninive, sa mga Gentil, upang kumuha ng isang Nobya Niya. Natutuwa ako na ginawa Niya iyon, ngayong gabi. Dapat nating harapin ang mga katotohanan, na tayo ay sa Kanya, alisin ang pagkamakasanlibutan. Amen!

99 Bawat tao ay kinailangang humarap doon, na may responsibilidad sa harapan ng Diyos. Kunin lamang natin, halimbawa, si Noe. Kinailangan niyang humarap. Si Noe, si Moises, si Elias, at lahat ng iba pa sa—sa bawat kapanahunan, ay kinailangang humarap sa responsibilidad. At kinailangan nilang gawin iyon, ngunit iyon ang dahilan kaya isinugo sila ayon sa panahon.

100 Tingnan n'yo si Noe sa kanyang siyentipikong kapanahunan, kung paanong kinailangan niyang humarap sa isang bagay na lubos na hindi batay sa siyensiya. Aba, wala ni isang—isang—isang dahilan kung bakit hindi iyon maaaring maging hindi batay sa siyensiya. . . Kita n'yo, iyon—'yun ay hindi batay sa siyensiya, pala. Aba, sabi nila na uulan mula sa kalangitan. Hindi pa sila kailanman nagkaroon ng ulan na bumagsak mula sa kalangitan. Ngayon, kinailangan niyang harapin iyon. Sinabi ng Diyos na uulan. At pagkatapos ay kanyang. . .

101 Samakatwid ang pananampalatayang walang gawa ay patay; kung sinasabi ninyong, "Sinasampalatayanan ko iyon," at hindi kikilos. Para bang sa Mensahe, kung sinasabi ninyong, "Sinasampalatayanan ko ito," hindi naman kikilos, anong buti ang magagawa niyon? Kita n'yo? Gumawa si Noe gamit ang kanyang martilyo at gumawa ng isang daong, upang pagtibayin kung ano ang kanyang sinasabi. Ganun din dapat ang gawin natin. Kailangan nating gumawa, upang patunayan ang ating pananampalataya, sa pamamagitan ng ating mga gawa. Pinatutunayan ng ating mga gawa ang ating pananampalataya.

102 Kinailangang gawin iyon ni Moises, at kinailangang gawin iyon ni Elias. Bawat propeta sa kanyang kapanahunan ay kinailangang manindigan at humarap sa mga responsibilidad na ito. Subalit marami sa kanila ay hindi ginawa ang ginawa ni Jonas. Tumakas siya; sila ay hindi.

103 Pansinin n'yo, "Sumigaw ka laban dito." Oh, naku! Hayun na iyon. Iyon ang paksa, "Sumigaw ka laban dito." Hayun na ang bahaging masisiyasat ka.

Pupunta lang doon at sasabihin sa mga taong iyon, "Uy, pumarito ako para makianib sa inyo mga kasama. Alam n'yo, palagay ko ay sasabihin ko sa inyo kung ano ang gagawin ko. Mayroon akong maliit na bagay lang dito na sa palagay ko'y magagawa ko itong isang. . .tipunin tayong lahat nang sama-sama, at gawin ang *ganito, ganoon*, o ang *iba pa*."

Kundi, 'yon ay, "Sumigaw ka laban dito," kapag kailangan mong sumigaw laban sa isang bagay. Ngayon, kinailangan niyang sumigaw laban sa lahat ng bagay na naroroon; sumigaw laban sa siyudad, sumigaw laban sa kanilang gawa, sumigaw laban sa kanilang iglesya, sumigaw laban sa kanilang mga propeta, sumigaw laban sa kanilang mga ministro, sumigaw laban sa kanilang mga saserdote. "Sumigaw ka laban dito, sa buong bagay na ito! Sumigaw ka laban dito!"

104 Sumigaw noon si Noe laban sa kanyang kapanahunan. Talaga, ginawa nga niya, laban sa mga iglesya ng kanyang kapanahunan.

Tiyak na sumigaw si Moises noon laban sa kanyang—kanyang kapanahunan; sa mga tao, sa mga saserdote, at iba pa. Sumigaw siya hanggang doon sa ilang. Sa bawat kanto, sumigaw siya, patuloy na sumigaw sa mga tao.

Lubos na hindi katanggap-tanggap si Elias sa kanyang panahon, dahil sumigaw siya laban sa kapanahunang iyon. Tunay nga.

105 Lubos na hindi katanggap-tanggap si Juan Bautista sa kanyang kapanahunan. Sumigaw siya laban sa kanyang kapanahunan. Sinabi niya doon sa hari, sa—sa makapangyarihang tao ng—ng lupain; ito—nagkaroon ito, pinakasalan kasi nito ang asawa ng sariling kapatid.

Kinailangan niyang mangaral tungkol sa pag-aasawa at diborsiyo, isang umaga. Kaya sumigaw siya laban doon, sinabi niya, "Hindi matuwid sa iyo na angkinin mo siya." Ang naging kabayaran sa kanya, ay ang pagpugot sa kanyang ulo, bandang huli, subalit sumigaw siya at nanindigan siya sa kanyang tungkulin.

Hindi siya sumakay sa isang barko na patungong Tarsis, at nagsabi, "Buweno, sasang-ayon ako sa iyo, Herodes. Ayos lang iyan. Hangga't inaakala mong isa siyang mabuting babae, nagiging mabuting asawa siya sa iyo, sige lang." Oh, habag. Silang mga pangkuskos ng plato, nakita n'yo, oo, sadyang bawat mumunting bagay . . . Aba, iyon ay walang halaga kundi panglinis lang ng maruruming pinggan.

106 Ngunit, pansinin n'yo, hindi ganoon si Juan. Hinarap niya iyon mismo. Sinabi niya, "Hindi matuwid sa iyo na angkinin mo siya." Siyanga, po. At nanindigan siya laban doon.

107 Hindi sila tumatakas. Hindi tumakas si Juan. Nanindigan sila at hinarap ang katotohanan. Sinubukan noon ni Moises na tumakas, minsan, tulad ni Jonas, ngunit ibinalik siya ng Diyos. Sinubukan ng marami sa kanila na takasan iyon; sisimulan nilang . . .

Ngunit, tingnan n'yo, kung tinawag ka ng Diyos, at nakatitiyak ka na ang Diyos ay nasa Mensahe, walang anumang bagay ang makapagpapaurong sa iyo. Hindi niyon pinaurong si Jonas. Hindi, po.

108 Si Amos noon, ay sumigaw, sinabing, "Ang leon ay umungal, sinong hindi matatakot? At ang Diyos ay nagsalita, sino ang hindi magsasalita ng propesiya?" Sino ang hindi magsasalita ng propesiya, kapag nakikita mo nang nagsasalita ang Diyos at nagsabi na magaganap ang isang bagay, at nangyari nga iyon?

109 Kapag umungal ang isang leon, ang lahat ay natatakot, siyanga, po, kung nakarinig na kayo ng isang umungal sa kagubatan. Naririnig ninyo itong mga ngumingiyaw sa mga kulungang ito rito, 'yung maaamong mga leon, ngunit dapat kayong makarinig ng isang totoo, na isang mabangis na umungal minsan. Malalaglag ang maliliit na bato mula sa bundok, limandaang yarda kalayo. Gusto kong makita kung saan bubuga ang lahat mula sa mga baga na iyon. At pabagsak niyang itatango ang kanyang ulo, paaangatin ang balahibong iyon; wala pa akong narinig kailanman na anumang . . . Para bang isang— isang kanyon na pinaputok, kapag ibinuga niya ang malakas na ungal na iyon sa kanyang mga baga. Sino ba'ng hindi matatakot?

Sinasabi nga nila, kung ikaw man ay mapatay ng isang leon, hindi raw iyon masakit. Papatayin ka na niya sa takot bago ka pa man niya malapitan. Kita n'yo, hindi mo mapapansin iyon. Tatakutin ka niya sa napakalakas na mabangis na ungal na iyon, at heto na siya sa iyo sa isang saglit lang.

110 Sabi niya, "Ang leon ay umungal, sinong hindi matatakot? At ang Diyos ay nagsalita, sinong hindi magsasalita ng propesiya?" Kapagka nakikita mong gumagawa ng isang bagay ang Diyos, sasabihin mo . . . "Maaaring hindi ako isang propeta . . . " Sabi ni Jonas . . . "Maaaring hindi ako isang propeta, o anak ng isang propeta. Ngunit ang Diyos ay nagsalita na, sinong hindi magsasalita ng propesiya?"

111 Maaaring hindi ako isang propeta, maaaring hindi ako *ganito, ganoon*, o ang *iba pa*. Kapag nakikita ko na gumagawa ang Diyos ng anumang bagay, at nakikita ko iyon dito sa Salita, at ipinangako Niya iyon, sino ba ang makapagpipigil sa kanilang sarili at mananahimik? Tunay nga, nagawa na Niya iyon.

112 Ni hindi rin tayo makapagtatago sa likuran ng mga kredo at lahat ng mga pagtitipon na ito rito, at pumaroon sa—sa Tarsis. Ayaw nating sumama sa mga pagtitipon na 'yan.

113 Ngunit marami, tulad ni Adan, ang gumagawa ng ganoon ding bagay, pinipilit gumawa ng isang pamalit sa kung anong paraan, pinipilit humanap ng malalabasan, at—at gumawa ng isang pamalit, para maharap ang Diyos. Matapos na malaman nila ang mali, humarap na sa Katotohanan, ay sumang-ayon pa sa kanyang asawa at ginawa mismo ang sinabi ng Diyos sa kanya na huwag gawin. Ipinagpatuloy lang niya at ginawa pa rin iyon. At pagkatapos ay nasumpungan niya ang kanyang sarili na hubad, ang babae at siya, silang dalawa, sa halamanan ng Eden. Nabuksan ang kanilang mga mata. Nalaman nila kung ano ang tama at mali, noon din. At pagkatapos ay pinilit niyang humanap ng isang pamalit, para medyo takpan ang kanyang sarili sa pamamagitan niyon.

Ngayon, parang ganyan din ang ginagawa natin ngayon, isang pagdadahilan, sasabihin, "Buweno, sasabihin ko sa iyo, kung *dito* iyon, o kung *ito*." O kaya, "kung, kung, kung," iyan lamang ay . . . Kita n'yo? Ngunit dapat mong harapin iyon. Alinman iyon sa tama o mali. At kung tama 'yon, manatili tayo roon. Kung mali 'yon, lumayo tayo roon. Ganoon lang. Kunin kung ano . . . Alamin n'yo kung ano ba ang tama. Hindi mo na gusto pang maghintay nang matagal. Alamin na natin ngayon kung ano ba ang Katotohanan at kung ano ang tama, at manatili rito. Alam natin na totoo iyon.

114 Ngayon, napag-aalaman natin sa panahong ito na ang mga tao natin ay labis nang . . . Para bang ang lahat ng kasinseruhan ay nawala na sa mga iglesya. Ako . . . Sa . . .

115 Naninirahan kami sa isang bahay roon ng isang minamahal na kapatid na babae na dumadalo sa iglesyang ito. Siya marahil ay nakaupo rito ngayong gabi. At pinauupahan niya iyon sa kanyang . . . sa mga tao. At sadyang naging napakagiliw niya sa amin tungkol sa lugar na iyon, sa pagpapaunlak niya sa amin sa lugar na iyon. At kaya babanggitin ko ang kanyang

pangalan, pero baka ayaw niyang gawin ko iyon. At siya'y naging napakagiliw sa amin, aba, totoong ayaw naming—ayaw naming ilantad siya. Ngunit siya ay naging lubos, na talagang minamahal na babae. At doon nga sa bahay, ay may isang telebisyon doon sa kabila. Doon kami sa isang maliit, na dalawahan, duplex.

May malaki kasi akong pamilya, at ilang mga bata, at kami . . . at kayo—alam n'yo na, at kailangang may mga higaan sila, at maraming ganoon. At patung-patong nang lahat, at kailangan mong lumakad sa pagitan ng *ganito* at sa pagitan ng *ganoon*, para makapasok at makalabas.

116 At doon nga sa kabila ay mayroon silang telebisyon. At sa telebisyon na ito, nanood ang mga batang ito, nang umaga ng Linggo, ng para bang isang pag-aawitan ng himno na palabas. At, alam n'yo, iyon—halos ikahihiya n'yo iyon; kung walang totoong Cristianismo sa kung saan man na mahahanap n'yo at mapanghahawakan, para makita kung ano ba ang tinatawag na Cristianismo. Aba, para bang nawala nang lahat ang kasinseruhan dito. Aba, sila'y hindi, para bang hindi sila . . . Aba, talagang terible kung paano silang nakatayo roon at nakaambâ ang mga kamao nila at nagsusuntok-suntukan, doon, at pilit na umaawit ng mga himno at lahat na nang ganoon; at magbibiro na halos hindi magagawa ng isang marino, at magsasalita ng lahat na ng uri ng mga bagay, at magbibiro at magpapatuloy nang ganoon. Alam n'yo na, ang pagka-sagrado ng—ng—ng Cristianismo ay para bang nawawala na.

117 Ngayon, pumupunta ako ng simbahan at—at makikita ang pastor na aakyat doon at ipababatid na may—na magkakaroon ng isang—isang paligsahan sa paglangoy. Lahat ng mga kababaihan na nagsusuot nitong mga bathing suit, silang lahat ay pupunta roon. Magkakaroon sila ng isang paligsahan; ang mga kababaihang ito, sa paglangoy. At magkakaroon sila ng isang—isang salu-salo ng kung anong uri, at magpriprito sila ng maraming—ng manok, at maglalaro ng bunco, at—at lahat ng mga ganoong bagay. Para sa akin, inalis niyon sa Cristianismo ang totoong kasinseruhan; basta hinahayaan lang sa kahit ano.

118 Nakita ko, sa pagparito, napag-alaman natin . . . Alam n'yo, nakikita natin na mas marami sa ating mga kapatid na babae ang nagsusuot ng shorts, dito sa malamig na bansang ito, kaysa makikita ninyo roon sa mainit na bansang iyon. Kita n'yo, totoo 'yon. Doon sa kung saan talagang mainit, hindi gaanong marami sa kanila ang nagsusuot niyan. Pero dito, kung saan—kung saan malamig na nga, kanilang—ginagawa nila ito. Kita n'yo, 'yun ay, hindi nila napagtatanto na ang diablo 'yon na gumagawa niyon. Kita n'yo? Ngayon, kung iyon ay para maging komportable, kung iyon ay para tulungan ang iyong sarili, iba sana. Maging sa lalaki, sa palagay ko ay mukhang nakakasuka iyon pag sa lalaki, ngunit—ngunit kayo—kayo'y—ni hindi nga ninyo papansinin pag

isang lalaki. Ngunit, ang babae, ang kanyang—kanyang katawan ay sagrado, at dapat niyang panatilihin ito nang gayon. At ang makita ang mga matatandang . . .

119 Makikita ninyo, ang mga tao ngayon. May dalawang espiritu. At ang isa sa mga iyon ay ang Banal na Espiritu; 'yung isa naman ay isang hindi banal na espiritu, at ang isang tao ay pinamamamahalaan niyon. At parehong relihiyoso ang mga iyon. Ngayon, oo, 'yan ang nakapagtatakang bahagi, na pareho silang relihiyoso. At tulad lamang nila Esau at Jacob noon, na parehong relihiyoso; katulad nila Cain at Abel noon, na parehong relihiyoso; katulad nila Judas at Jesus noon, na parehong relihiyon, parehong relihiyoso. At nakikita natin iyon ngayon, sa magkabilang panig, na relihiyoso. Kita n'yo, iyon ay ang siya ring espiritu. Namamatay ang mga tao, ngunit ang espiritu ay hindi namamatay. Nagpapatuloy iyon, parehong relihiyoso.

Ang isa sa mga iyon ay puspos ng Espiritu Santo, na ipinamumuhay ang uri ng buhay na dapat nilang ipamuhay, at lumalakad na may kabanalan at matapat. Hindi nila kayo pipigain sa iisang sentimo, at kanilang—ginagawa nila ang lahat ng bagay nang talagang matapat sa abot ng makakaya nila, para matulungan kayo. At ang iba naman ay . . . Sadyang napakabait nila.

At ang iba naman, napag-alaman natin, na iyon ay kabaligtaran lamang. At, gayon pa man, pareho sila na mga espiritung relihiyoso, silang dalawa; ang isa, Banal na Espiritu; at 'yung isa naman, isang hindi banal na espiritu. At kung napansin n'yo, 'yun ay, kahit na nagpapahayag ng relihiyon, pagkakatuwaan nila kayo at tatawagin kayong isang holy-roller. Ginagawa nila ang anumang bagay na magagawa nila.

120 Sila, binabale-wala nila ang—ang di-nagbabagong Salita ng Diyos, na para bang hindi Iyon kailanman naisulat.

Kita n'yo, maaari ninyong sabihin, "Ngayon, tingnan mo, kung—kung ang bautismo . . . "

"Nasa akin ang Espiritu Santo!"

"At nakatayo riyan na hawak ang sigarilyong 'yan, na hinihitit 'yan?"

"Oo, nasa akin ang Espiritu Santo! Sa palagay ko'y hindi naman mali ang uminom ng kaunti. Sa palagay ko'y hindi naman . . . " Kita n'yo?

At napansin ba ninyo, "Sa palagay *ko* ay hindi naman"? Subalit iba ang palagay ng Diyos, nakita n'yo, batay sa Kanyang Salita. Kita n'yo? Kita n'yo, sila . . . At kanilang—basta na lamang nilang para bang—para bang dinuduraan Ito. Ganoon na nga mismo.

121 Kagayang-kagaya lamang nitong hamak na matandang lalaking pilay na dahan-dahang lumapit noong panahong iyon,

noong pinatalsik si David sa kanyang trono. Paakyat siya noon doon sa Bundok ng mga Olibo, lumilisan, na umiiyak habang umaakyat, lumilingon. At itong hamak na matandang lalaki ay dahan-dahang lumapit doon at dinuduraan siya. At sabi nung bantay, "Hahayaan ko ba ang . . . ang ulo ng asong 'yan na manatili sa kanya, at duraan ang aking hari?"

Sabi ni David, "Pabayaan mo siya." Kita n'yo, dinuraan nila siya.

122 Pagkaraan ng halos walong daang taon, dinuraan din nila ang kanyang Anak, na si Jesus Cristo.

At ngayon dinuduraan nila Siya muli. Na para bang ni hindi man lamang Ito . . . Walang-galang, walang-malasakit, ipinipihit lang ang kanilang ulo at lalayuan Ito, at pagtatawanan ka nang harapan. Bakit ganoon? Nasa barko sila na patungong Tarsis. Iyon na nga mismo.

Ang pagtawag na ito sa Diyos, kailangan mong sumigaw laban sa kasamaan, sumigaw laban sa kasalanan, sumigaw laban sa mga bagay na mali. Ngayon, tandaan, mangyayari iyon.

Aba, alam n'yo, sa oras na ito. Alam n'yo, dalawang oras ang diperensiya sa akin. At sa Tucson ay sampung minuto lamang makalipas ang alas-siyete, at—at ako'y medyo—medyo wala na sa aking lugar dito. Huh? Buweno.

123 Ngayon tandaan n'yo, kakailanganin nating managot dito. Tandaan, yaong mga dumura kay Cristo ay mananagot dito.

Noong bumalik na si David mula sa pagkakapatalsik sa kanya, noong siya ay isang takas, at noong nagbalik na siya, tandaan n'yo, ang lalaking ito ay nagpatirapa at humingi ng awa. Dinuraan nito si David dati, sa paglabas, ngunit halos handa na nitong paliguan ng mga luha ang mga paa ni David, at, noong nakabalik na siya.

At balang araw ay makikita iyon ng mga umulos kay Jesus.

At 'yung mga umuulos sa Kanya ngayon ay makikita rin iyon. Ang mga iyon, balang araw, iyon ay mangyayari ulit. Tandaan n'yo, Apocalipsis 22, hinihingi Niya sa atin na sundin ang bawat Salita na Kanyang isinulat; bawat Salita.

124 Ngayon alam natin na ang Kanyang Presensiya ay naririto. Ito'y napagtibay na. Natatamasa natin ito. Nagtitiwala tayo, sa linggong ito na darating, na patuloy itong papagtitibayin sa ating kalagitnaan; ang mga maysakit ay magsisigaling, at magaganap ang mga dakilang bagay.

Ayaw natin ng kaisipang tinatangkilik ng karamihan. Gusto natin ang Katotohanan. At ayaw natin, ating (gusto) ayaw na—ayaw nating harapin ang anumang bagay kundi kung ano lang ang sinabi ng Diyos na Katotohanan. Ngunit, "Tiyak na palagi kayong tutugisin ng inyong mga kasalanan." Kung hindi rito, katatagpuin kayo niyon sa Paghuhukom. Kaya kayo'y—

kayo'y. . .Kakatagpuin kayo niyon sa kung saan man, ngayon. Siyanga, po.

125 Subalit kung kayo'y totoong Cristiano, totoong tinawag na katulad ni Jonas noon, ay nabayaran na ng Diyos ang inyong pasahe. Bumaba kayo riyan sa barko na patungong Tarsis, sa ano't anoman. Itinalaga kayo ng Diyos sa buhay na ito. Siyanga, po. Kung ikaw ay isang tunay, na tinawag na anak ng Diyos, pumunta ka kay Cristo. Pumasok ka sa Kanyang kapuspusan. Ang iyong daan ay nabayaran na patungo saan? Nabayaran na patungong Ninive, hindi sa Tarsis. Ikaw ay itinalaga. Ang iyong barko. . .May barko na papaalis na ngayon mismo, patungo na ito doon. Kaya mayroon lamang iisang bagay na dapat gawin, ay ang sumakay roon. At kung katulad ka ng Diyos, hindi ka mapapayapa kailanman. . .

126 Katulad ng munti kong pamangkin na lalaki, kanina lang. Halos sampung taon na ngayon, siya'y nagpalipat-lipat na kung saan-saan. Isang umaga pupunta siya sa simbahang ito, sa simbahang Katoliko sa dako rito, at tinatanggap ang isang ito dahil sa sinasabi ng sabi niyang kung sinong banal na pari sa dako rito, at isa pa sa dako *rito,* at iba pa sa dako *rito*. Saan ba nauuwi ang lahat niyon? Kita n'yo? Ngayo'y nagugutom at nauuhaw pa rin siya. Sinabi ko, "Ang lugar mo ay sa may altar doon, anak." Kita n'yo?

Walang paraan para makaiwas dito. Kapag hinabol ka ng Diyos, mas mabuti pang sumuko ka na at sumunod na lang. Ganoon lang.

127 Tandaan, ang Diyos! Aba, ang Diyos ay nasa bangkang iyon. Ang Diyos ay nasa unos na iyon. Ang Diyos ay nasa isdang iyon. Saan man siya pumihit, ay naroon ang Diyos.

Kita n'yo, naroon ang Diyos, at patuloy ka lang tutugisin niyon. Kaya bakit pa natin pinatatagal pa? Pasimulan na natin mismo ang rebaybal na ito. Mismo kaagad! Ano pang hinihintay mo? Naniniwala tayo na ang Pagparito ng Panginoon ay malapit na, at Siya ay magkakaroon ng isang Nobya, at Ito'y naghahanda na. At ayaw natin ng kahit anong mga barko na patungong Tarsis. Tayo'y patungong Ninive. Huh! Tayo'y patungong Kaluwalhatian. Amen. Siyanga. Patungo tayo kung saan pagpapalain ng Diyos, at iyan ang gusto nating gawin.

128 Mabilad sa Presensiya ng Diyos, kung gayon, sa ating mga puso; hindi sa ating mga kamay, masyado, kundi ang ating mga puso sa harapan ng Diyos, hanggang sa tayo ay Kanyang napagulang na, nang lubus-lubusan, tulad niyan, ng mga sinag ng Kanyang kaluwalhatian; at maluto na nakahalo sa atin ang Kanyang—Kanyang kabutihan, at pahinugin ang siyang taglay natin, patungo sa realidad, kita n'yo, tungo sa kung saan maipapakita natin sa iba na si Jesus Cristo ay nabubuhay. Oh, naku! Gusto nating sampalatayanan iyan.

129 At alalahanin n'yo, kung saan man nagpunta si Jonas, ang Diyos ay nasa bangkang iyon; ang Diyos ay nasa unos na iyon; ang Diyos ay nasa isdang iyon. Patuloy Siyang sumama kay Jonas hanggang sa matupad ang sakdal Niyang kalooban. Siyanga.

At kung Siya man ay tumatawag sa iyo, maaaring umiwas ka sa dako *rito*, at umiwas sa dako *roon*, ngunit magiging miserable ka hanggang sa ikaw ay magbalik na at gawin ang bagay na pinasimulan mong gawin para sa Kanya sa una pa lang. Kita n'yo? Huwag kang umalis, tumakas mula sa Harapan ng Diyos. Harapin mo iyon. Sinasampalatayanan mo na iyon ay Katotohanan, kung gayon hayaang. . .Kung iyon nga ang Katotohanan, karapat-dapat lang itong ipamuhay, pagbuwisan ng buhay, kung ano pa mang iba. At kung pinagtibay Niya iyon sa iyo, na iyon ang Katotohanan, kung gayon ay hindi natin iyon matatakasan, saan man. Siya'y naroroon pa rin mismo, gayon pa man. Hindi mo magagawa iyon.

130 Sa pamamagitan ng Kanyang inilaan na propeta, yaong itinalaga Niya na magpunta roon at ipahayag ang mensaheng iyon. Ngayon, para bang makapagsusugo naman Siya ng iba pang propeta, ngunit itinalaga Niya si Jonas; at maging si Elias ay hindi magagawa iyon; hindi magagawa ni Jeremias; hindi magagawa ni Moises. Si Jonas ang dapat na magpunta sa Ninive. Ganoon lang 'yon. Inatasan Niya ito at sinabihan ito na magpunta. At kapag sinabi Niya, "Pumunta ka roon, Jonas, pumunta ka sa Ninive," wala nang ibang puwedeng pumunta para gawin iyon kundi si Jonas lang.

At kapag sinabi ng Diyos sa iyo ang isang bagay, kailangan mong gawin iyon; wala nang iba pa. Kita n'yo, sadyang kailangan nating harapin iyon, at, at gawin na nga iyon.

131 Naniniwala tayo na nabubuhay tayo sa panahon kung kailan mayroong ginagawa ang Diyos. Naniniwala tayo na nabubuhay tayo sa kalagitnaan ng mga iyon ngayon. Naniniwala akong ngayong gabi ay nangangaral ako sa kongregasyon na iyon na—na nakabilad, naghihintay roon para mahinog na. Ako—talagang pinaniniwalaan ko 'yan, nang buong puso ko. Masasabi kong ganoon pa rin ito ngayon katulad noon pa.

132 Ngayon, naniniwala tayo na dumating na ang oras na kailangang matupad ang San Juan 14:12. Tayo, naniniwala tayo na kailangang matupad ang Malakias 4. Naniniwala tayo na kailangang matupad ang Lucas 17:30. Naniniwala tayo roon, sa lahat ng mga propesiyang ito na sinabi Niya na mangyayari sa panahong ito. Naniniwala tayo na kailangang matupad ang mga iyon, at naniniwala tayo na nakikita na natin ang mga ito na natutupad na ngayon mismo. Iyan ay talagang tama.

133 Huminto na kayo sa pagtakbo. Huwag kayong lumabas sa Kanyang Presensiya; pumasok lamang sa Kanyang Presensiya.

Tama iyon. At alam kong iyan ang hinahangad ninyong gawin. Dahil, nakakita ako ng mga plaka ng sasakyan diyan sa labas na galing pa ng Texas, at Louisiana, at lahat na ng dako. Iyan ang ipinarito natin, ay hindi para tumakas mula sa Kanyang Presensiya, kundi pumasok sa Kanyang Presensiya.

Magbalik kayo, umalis sa...[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]...naging isang Jonas, kung nag-iisip kayo kung saan ba dapat tumungo o kung ano ba ang dapat gawin, halina kayo, sumakay na kayo sa barko kasama namin ngayong gabi. Pupunta tayo sa Tarsis, upang sumigaw...o, sa Ninive, upang sumigaw. Pababayaan natin ang barkong iyan ng Tarsis na tuloy na pumaroon kung gusto nila. Mayroon tayong tungkulin sa harapan ng Diyos, 'yun ay, isang Mensahe na pananagutan natin.

134 Kaya itong darating na linggo, bilang isang maiksing pambungad lang ngayong gabi, para ipaalám sa inyo. Kapag sumisigaw ako, ako'y nag-iisang mananagot para sa isang Mensahe, mga kapatid. Kayong mga ministro na nakaupo rito, hindi ako narito para saktan ang mga damdamin ninyo. At kayong mga kababaihan at kalalakihan, tungkol sa darating na usaping ito ng pag-aasawa at diborsiyo, gusto kong tandaan ninyo ngayong gabi. Sinabi ko ang lahat ng ito, para iparating ito sa inyo, na sa Diyos lamang ako may pananagutan.

At gayon pa man, muli, ako'y may pananagutan sa inyo, na sabihin sa inyo ang Katotohanan. At wala akong sasabihin sa inyo na anuman kundi ang Katotohanan lang, hangga't ipaaalam sa akin ng Diyos kung ano ba ang Katotohanan. Hanggang sa malaman ko na ang Katotohanan, wala akong sasabihing anuman tungkol doon, kita n'yo, wala akong sasabihing anuman tungkol doon. Subalit naniniwala ako na ipinapakita sa akin ng Diyos ang Katotohanan tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*, at nagtitiwala ako na pahihintulutan Niya akong ipahayag ito.

135 At ang iba pang mga Mensahe na layunin kong ipangaral sa sanlinggong ito, ay ang, *Sino Itong Si Melquisedec? Saan Piniling Ilagay Ng Diyos Ang Kanyang Pangalan?* At ang ilan pa doon sa mga bagay na gaya niyon, na siyang mga susunod na Mensahe, at ang *Mga Hirap Sa Panganganak*. At—at ilang mga bagay, na sa—sa ganyang pagkakasunud-sunod, at pambuo sa *Isang Lalaking Pumipili Ng Kanyang Asawang Babae*. At ilang mga bagay, ang mga Mensahe na iyan, gusto kong talakayin ngayong linggong ito. Ngunit gusto ko lamang na ang kongregasyon...

136 Kung saan, kung may isa mang ministro dito; hindi ako naparito, mga kapatid ko...ayaw ko kayong, o ang iba sa inyo na mga miyembro, na bumalik sa inyong iglesya, at sasabihin, "Sinabi kasi ni Kapatid na Branham ang *ganito* at *ganoon*."

May tungkulin ako sa isang Mensahe na ibinigay sa akin mula sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Sa pagtayo ko rito ngayong gabi, at alam ng Diyos na totoo 'yon, na dito mismo sa ilog na ito...May mga tao, marahil, na naririto, noong bumaba roon ang Anghel ng Panginoon at sinabi sa akin kung ano ang Kanyang ginawa, doon mismo noong 1933, dito mismo sa Spring Street na ito. Kung dayuhan kayo rito, tuluy-tuloy lang kayong magmaneho pababa. Iyon ay sa kanto ng Spring Street, doon kung saan ay mararating n'yo ang ilog, at doon nangyari iyon. Noong 1933 iyon. Siguro'y mga tatlumpu't dalawang taon na ang nakararaan, kung gayon. Oh, tatlumpu't-...tatlumpu't-...tatlumpu't dalawang taon na ang nakararaan, tatlumpu't dalawang taon na ang nakararaan.

At gaano Niyang patuloy na ginawa iyon, lahat. At kami'y humayo, inihahatid ang Mensahe, at nakita ang mga maysakit na gumaling, ang mga bulag, at ang mga baldado, at mga lumpo, at mga pilay, at lahat na. At saka nakita maging ang mga patay na, na alam natin na napatunayan na, na binuhay mula sa mga patay. Ang mga tao ay namatay, at ibinangon mismo pabalik muli sa buhay, at lahat ng mga bagay na ito. Kung maipahayag ang isang Mensahe, may mga tanda at mga kababalaghan!

137 At nakikita n'yo pa ba yaong dating kaisipan na inyong nakuha? Hindi iyon nagmula sa Diyos. Sadyang hindi kailangang gawin ng Diyos...

Sinisikap ng Diyos na makuha ang inyong pansin na matuon sa Isang bagay.

138 At pagkatapos noong humayo si Jesus, sinimulan Niyang pagalingin ang mga maysakit, at gumawa ng dakilang mga gawa at gayong mga bagay. Siya, sa tuwina, Kanyang...ginawa iyon ni Jesus. At ginawa iyon nina Moises at Jesus, at ng iba pa sa kanila. At noong naririto pa Siya, ginawa Niya iyon.

At ginagawa Niya iyon, ang gayon ding bagay ngayon. Kapag nagsusugo Siya ng isang pagtitipon na tulad niyan, mga rebaybal, at magsimula ng isang pagtitipon sa lupa, at magsimulang kumilos kasama itong dakilang mga tanda at mga kababalaghan. At pagkatapos ay makikita ninyo, na bumabalik, ang siya ring dating paniniwalang katuruan, mayroong—may bagay na mali roon sa kung saan. May bagong bagay na paparating! Nang dumating si Jesus, pagkatapos, noong...

139 "Isa Siyang mabuting Guro." Puwede Siyang magpunta sa alinmang pulpito at mangaral, noong pinagagaling Niya ang mga maysakit. Noong, oh, gustung-gusto nila na magpunta Siya roon.

Subalit isang araw nang maupo Siya, at sinabi, "Ako at ang Aking Ama ay Iisa," kapatid, hindi na Siya naging katanggap-tanggap pagkatapos niyon. Noong sabihin Niya, "Maliban na kainin ninyo ang Aking laman, at inumin ang Aking Dugo, ay

wala kayong Buhay sa inyo. Ngunit siya na kakain sa Aking laman, at iinom ng Aking Dugo, ay may Buhay na walang hanggan; at ibabangon Ko siya sa huling araw." Pagkatapos, hindi na Siya lubos na katanggap-tanggap mula noon.

140 Sabi nila, "Bampira ang Taong ito. Beelzebub ang Taong ito. Ganoon Niya ginawa ang mga bagay na iyon. Kaya Niyang sabihin ang mga kapalaran. Tumitingin Siya patagos sa kanilang—kanilang mga pag-iisip at nalalaman ang kanilang mga kaisipan. Isa Siyang manghuhula."

Ngunit, kung ano talaga iyon, Siya—Siya ay ang Salita ng Diyos na nahayag sa panahon na iyon. At Siya ay may tungkulin. Sinabi Niya, "Ginagawa Ko lagi ang nakalulugod sa Aking Ama." Tulungan nawa tayo ng Diyos na gawin ang gayon din, ang gawin yaong nakalulugod sa Ama.

141 At umaasa ako na mauunawaan ninyong lahat. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa akin sa mga Mensaheng ito at gayong mga bagay, na inyong tatandaan, kahit papaano ay magkaroon man lang ng ganitong paggalang, na mayroon akong responsibilidad, at hindi ako papunta sa Tarsis. Ako'y nasa daan na patungong Ninive, at ako—kailangan kong sumigaw. Pagpalain kayong lahat ng Panginoon.

Yumukod na muna tayo sandali ngayon.

142 Mag-a-alas-nuwebe y media na. Hindi ko gustong patagalin kayo, ngunit gusto kong mapag-alaman ito kung magagawa ko, ngayong gabi. Mayroon bang ilan rito na—na sadyang wala talaga sa dapat niyang kalagyan kay Cristo, ngunit kayo—gusto ninyong maparoon, at hangad ninyong maparoon, maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay, sabihing, "Kapatid na Branham, ipanalangin mo ako"? Pagpalain kayo ng Diyos, tingnan lamang ninyo ang mga kamay. "Ako—gusto kong... naririto ako, Kapatid na Branham, para higit na mapalapit pa sa Diyos."

At kung itinaas ninyo ang inyong ulo, ang aking—nakataas ang aking kamay, din naman. Iyan ang ipinarito ko. Nagnanais din ako, katulad ninyo.

143 Ngunit, oh, noong isang araw, isa sa mga pinakadakilang bagay ang nangyari, at ako—alam ko na ngayon kung ano ang gagawin. At ako—dalangin ko na ibigay nawa sa inyo ng Diyos yaong malinaw na kaunawaan. Naroon iyon. Ang... Kung may katanungan sa inyong isipan, siguradong may kasagutan sa kung saan, upang tumugon sa katanungan na iyon. Ang panalangin ko, ay, ipahintulot nawa ng Diyos na makita ninyo na matugunan ang tanong na 'yan sa pagkakataong ito.

144 Kung kayo ay may sakit, pagalingin nawa kayo ng Diyos. Magkakaroon tayo ng mga gawaing ukol sa pagpapagaling, sa palagay ko, halos bawat gabi, at ipananalangin namin ang mga maysakit. Gagawin namin ang lahat ng bagay na magagawa

namin para matulungan kayo, at gawin ninyo ang lahat ng magagawa ninyo upang matulungan kami. At magtutulong-tulong tayong gumawa, habang nagtitiwala na bibigyan tayo ng Diyos ng isang dakilang pagtitipon.

145 Ngayon, Amang Diyos, itong mga kaunting putol-putol na salita, ngunit ang mga ito'y nasa Iyong mga kamay na ngayon. Panginoon, naipahayag na ang mga ito. Kakailanganin kong katagpuin iyon. Para bang. . .Ang mga salitang iyon ay hindi kailanman mamamatay; ang mga iyon ay patuloy na magpapaikut-ikot sa buong lupa, sa isang rekord, at balang araw ay kailangan kong harapin iyon mismo muli. Napag-uunawa ko ito, Panginoon, at sinasabi ko ito na may taos-pusong katapatan.

146 Dumadalangin po ako, minamahal na Diyos, ngayong gabi, para sa bawat isa sa mga ito, na Iyong mga anak. At, O Diyos, nagtitiwala ako, na bago matapos itong sanlinggo, ay kanilang—kanilang mauunawaan na; na ang katanungang iyon, na napakalaki sa kanilang isipan ngayong gabi, ay masasagot na. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

147 May ilan dito na hindi pa rin nakakakilala sa Iyo, Ama, bilang Tagapagligtas, o marahil ay hindi pa napuspos ng Espiritu Santo. Ito na nawa ang gabing iyon.

148 Panginoon, hindi ko magagawang puspusin ng Espiritu Santo ang sinuman; ni maililigtas ko ang sinuman. Masasabi ko lamang sa kanila kung ano ang sinabi Mo, "Mapalad silang mga nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila'y bubusugin." At dalangin ko, Diyos, na lilikha Ka ng labis na pagkagutom sa kanilang mga puso.

Marami, Panginoon, tunay ngang sila'y gutom; kung papaanong binibiyahe nila itong daan-daang mga milya, dumadaan sa yelo at lahat na, at sa ibabaw ng maulan na mga kabundukan, at patawid sa mga ilang, upang pumarito sa isang maliit na lumang lugar na naririto sa may sulok! At naisip ko muli, sinabi Mong, "Kung saan naroon ang Isang Bagong-katay, ay doon magkakatipon ang mga agila." Pakanin Mo po kami, Panginoon, ng Iyong Makalangit na Manna. Ibigay Mo sa aming mga kaluluwa ang totoong kailangan namin. Nauuhaw kami sa Iyo, Ama. Nasa Iyong mga kamay na po kami ngayon.

149 Nawa ang dakilang Espiritu Santo na bumaba sa bundok noong isang araw doon sa itaas, dalangin ko na nawa'y Kanyang punuin ang bawat pusong naririto ng Kanyang kabutihang-loob at habag, na may kaunawaan. Napagtatanto namin, Ama, na iyon ang kailangan namin, ay ang maunawaan. Sapagkat kung hindi namin alam ang ginagawa namin, kung gayon ay papaano namin malalaman kung papaano iyon gawin? Subalit kailangan naming magkaroon ng kaunawaan. Gaya ng sinabi ni Daniel, na mayroon siyang "kaunawaan sa pamamagitan ng Sulat ni propeta Jeremias." At, Ama, mayroon kaming

kaunawaan sa pamamagitan ng Sulat ng Espiritu Santo, sa paghahayag Niya Nito sa amin sa panahong ito. Ipagkaloob Mo po sa amin, Panginoon, ang mga hangarin na mayroon kami para sa Iyo. Magiliw naming hinihiling ito, Ama, para sa Iyong ikaluluwalhati, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

150 Ngayon habang nakayukod ang ating mga ulo. Habang tinutugtog iyan ng ating kapatid na babae, "Bibigyan Niya ako ng biyaya at kaluwalhatian, at sasamahan ako nang lubusan." Nais kong kayo'y tahimik lamang na manalangin ngayon at hilingin sa Makalangit na Ama na ipagkaloob Niya sa inyo, ngayong gabi, ang pangangailangan ninyo.

151 Minamahal na kapatid na lalaki, minamahal na kapatid na babae, Siya'y sadyang kasing lapit lamang ng pagiging malapit din sa iyo ng braso mo. Kayo, pinaniwalaan ninyo ako sa—sa ibang mga bagay, paniwalaan ninyo ako rito. Naririto Siya upang ibigay sa inyo kung anuman ang kailangan ninyo.

152 Oh, sa loob ng huling ilang linggo ay gutom na gutom ako, uhaw na uhaw, sabik na sabik na umuwi, para makita kayo. Iyan ang dahilan kaya sinabi ko, "Billy, umuwi na tayo."

Sabi ni Meda, "Ano pang gusto mong balikan doon, sa malamig na lugar na iyon, Bill? Palagi ka na ngang nagkaka-sore throat at lahat na. Lagi kang lumalabas, at nalalamigan ang ulo, at malat ka na, at halos hindi ka na nga makapagsalita."

153 Sabi ko, "Buweno, hindi ko alam." Sabi ko sa kanya... Nakikita ko ang kaibigan kong si Charlie Cox, na nakaupo roon. Sabi ko, "Sabik na sabik lamang ako na marinig na sabihin ni Charlie, 'Inakyat nung maliit na squirrel ang punongkahoy na iyon doon.' Sabik na sabik talaga akong marinig iyon." Ako—gusto ko lamang na—gustong nasa tabi n'yo.

154 Alam ko na ang aking Kapatid na Banks ay nagkasakit nang malubha. At nakakita ako ng isang pangitain tungkol sa kanya, dito hindi pa katagalan, at nakahiga siya. At alam kong muntik na niya tayong iwan, kamakailan. Nang tumingin ako sa iba't iba sa inyo...

155 Nagpunta ako noong isang gabi, sa pagtitipon ng Christian Business Men, at pandaigdigan. Ang matandang si "Tatay" Shakarian, ama ni Demos, dati siyang umuupo roon at patuloy lang na nag-aabang hanggang sa pumasok na ako, pagkatapos ay ngingiti siya, at 'yung munting kaway na ikinakaway niya sa akin. Wala siya roon. Siya'y wala na.

Pagkatapos ay kinailangan kong magpunta sa pamilyang iyon, na dala ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang kanilang anak na babae ay mamamatay, din. Si Florence, nakita ko siya sa isang pangitain, nakita ko siyang pumanaw. At alam kong papanaw na siya. At sinabi ko, "Manalangin, manalangin lamang. Alam n'yo mayroong...Sinabihan ang isang propeta minsan na humayo para sabihin sa isang hari na isaayos na nito

ang kanyang sambahayan. At nanalangin ito, at dinugtungan Niya ang buhay nito, ng labinlimang taon pa." Sinabi ko, "Manalangin."

156 Ngunit, tingnan n'yo, at ako—ako ay bumalik. . . naupo ako rito sa isang restaurant, noong isang araw, kumakain. Lumapit sa akin ang isang lalaki, sabi, "Hindi ba't ikaw si Billy Branham?"

Sabi ko "Oo."

157 Hindi niya ako nakilala marahil, dahil *dito* sa nasa ibabaw nitong kalbong bahagi sa ulo ko. Suot ko noon itong maliit na piraso ng buhok na ito, para maiwasang magka-sore throat sa panahon ng naturang pagtitipon.

Lumapit siya sa akin, sabi niya, "Sabi ko na nga ba't kilala kita, Billy."

Sabi ko, "Oo." Sabi ko, "Sino po sila?"

Sabi, "Ako si John Warman."

Sabi ko, "Kumusta na si Zip?"

Sabi niya, "Billy, namatay na siya." Uh!

158 Papunta ako noon doon sa korte; nagpunta roon para bayaran ang mga buwis ko. Habang naglalakad sa kahabaan ng korte, at may isang binibining tumawag sa akin, at sabi niya, "Alam mo bang wala na si John?" O, kung anong pangalan. Hindi nga yata iyon John; Ed, o kung ano man. At sabi ko. . . hindi ko kilala 'yung babae. Pakiramdam ko napahiya ako. At natuklasan ko nga, na hindi ko alam kung sino siya.

Sabi niya, "Natatandaan mo pa ba na isang gabing madilim noong umapaw ang ilog sa mga pampang rito, at inaanod na ang mga bahay, doon sa may kalye ng Chestnut, at itinaya mo ang buhay mo para makapasok sa isang lugar at mailabas ang isang babae at ilang maliliit na mga bata?"

Sabi ko, "Ikaw ba iyon?"

159 Sabi niya, "Ako—ako 'yung babaeng iyon." Nagsimula kasi siyang tumili noon sa pagtawag sa kanyang sanggol na anak; alam n'yo na ang kuwento ko. Sabi niya, "Ang isang iyon na tinawag kong 'sanggol ko,' ay nag-asawa na at may pamilya na." Kita n'yo? At heto na siya, matanda at may uban na; at heto ako, rin naman.

160 Isa-isang naaalis ang ating mga kard sa lalagyan, parang ganoon. At mayroon tayong mga pagtitipon, at hindi ko na nakikita ang isang *ito*, hindi na nakikita ang isang *iyon*. Tayong lahat ay biglang mawawala, isa sa mga araw na ito.

Subalit, kapatid na lalaki, kapatid na babae, may isang Lugar ng pagtitipon. Tiyakin na natin ngayon na tayo ay maayos. Maaari ba? Huwag nating hayaan na ang lahat ng

ating pagkakaunawa sa Diyos, at iba pa, ay mawalan ng saysay. Manampalataya tayo.

161 Ama, sila'y nasa Iyong mga kamay. Ako'y nasa Iyong mga kamay, Panginoon. Naririto lamang kami sa paghahandog ngayon, bago ang darating na pagtitipon na magsisimula bukas ng gabi. Maaari Mo po ba kaming tulungan, Panginoon? Nawa ang aming—nawa ang aming pag-uusap-usap ay patuloy na nakatuon sa Iyo! Ang aming mga puso at mga pag-iisip nawa ay manatili sa Iyo, at sinabi Mo po na pananatilihin Mo kami sa sakdal na kapayapaan. Nasusulat din naman sa Biblia, "Huwag kang manalig sa iyong sariling mga kaunawaan." O Diyos, ayaw namin ng sarili naming mga pang-unawa; nais namin ang Iyong mga kaunawaan. Ipagkaloob Mo po ang mga iyon sa amin, O Diyos. At pumasok nawa ang rebaybal sa aming mga kaluluwa hanggang sa ang grupo ng mga taong ito ay maging iisang puso na lamang at nagkakaisa. Ipagkaloob Mo po iyon, Ama. Ipagkaloob Mo po ang mga bagay na ito, habang dumadalangin kami sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

In the cross, in the cross,
Be my glo-. . .(itaas natin ang inyong mga kamay). . .ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

Jesus, keep me in the cross,
There's a precious fountain,
Free to. . .(opo, Panginoon, walang bayad) . . . healing stream,
Flows from Calvary's fountain.

In the cross, in the cross,
Be my glory ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

162 [Sinimulan ni Kapatid na Branham na ihiging ang *Near The Cross*—Pat.] O Diyos! Kung mayroon man sa inyo na nakadaramang gusto ninyong lumapit at lumuhod sa may altar, kung nais lamang ninyong lumapit, sabihing, "Wala ako sa dapat kong kalagyan, Panginoon. Ako—gusto kong gumawa ng isang muling pag-aalay. Gusto kong gawin iyon ngayong gabi, Panginoon." Kayo'y malayang makalalapit. Naririto kami upang manalanging kasama ninyo. [Ipinagpapatuloy ni Kapatid na Branham na ihiging ang *Near The Cross*.]

In the cross, in the cross,
Oh, be my glory ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

Jesus, keep me near the cross,
There's a precious fountain,
Free to all, a healing stream,
Flows from Calvary's fountain.

In the cross, in the cross,
Be my glory ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

163 Manalangin lamang tayo, ang bawat isa sa inyong sariling paraan ngayon. Sadyang—kalimutan lamang ang oras. Iyukod natin ang ating mga ulo sa Kanyang Presensiya. Ang munting binibining ito rito, na sumisigaw ng, "Mahal Kita, Jesus!" Natatandaan mo ba noong ikaw ay maligtas, maraming taon na ang nakakaraan, natatandaan mo ba kung gaano kagiliw iyon sa iyo? Siya'y sadyang gayon pa rin kagiliw ngayong gabi. Manalangin tayo, ang lahat sa inyong sariling paraan ngayon. Atin lamang—italaga lamang nating lahat ang ating mga sarili sa Diyos, ialay lamang ang ating mga sarili sa Panginoon.

164 Minamahal na Panginoong Jesus. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

The Stream of all my comfort,
More than life to me,
Whom have I on earth beside Thee?
Or whom in Heaven but Thee?

Minamahal na Diyos, dumadalangin kami ngayon na ang Iyong habag at biyaya ay maisugo sa bawat isa at sa lahat sa amin, Panginoon. Naririto kami sa paligid ng altar. Marami ang hindi makaparito; katatagpuin Mo po sila sa kanilang mga kinauupuan. Anuman po ang aming ialay, Panginoon, ay handa Mong tanggapin. Kung amin lamang iaalay sa Iyo ang aming oras, tatanggapin Mo iyon; talento, tatanggapin Mo iyon. Ngunit, Panginoong Diyos, ngayong gabi ay lalampas pa kami riyan, iniaalay namin ang lahat ng kung ano kami. Lahat ng kung ano ako, lahat ng inaasahan kong maging, ang lahat ay nasa Iyo, Panginoon. Idinadalangin namin na Iyong tatanggapin ito, ang aming mga panalangin, sa Iyong puso, Panginoon, at ipagkaloob sa amin ang dakilang kalaliman ng Espiritu Santo, upang ang aming mga buhay ay mabago. Sapagkat, nakikita namin na malapit na kami sa katapusan ngayon. Hindi na gaano pang magtatagal. At habang nakikita namin ang aming mga mahal sa buhay na pumapanaw, araw-araw, bata at matanda, nalalaman namin na hindi magtatagal ay kinakailangan nitong kumatok sa aming pintuan. At ngayong gabi, Panginoon, habang kami'y nasa aming tamang pag-iisip, na nakaupo rito, o nakaluhod dito, nakatayo rito, maging ano pa mang posisyon ang kinalalagyan namin, tanggapin Mo po kami, Panginoong Diyos.

165 Kunin Mo po ako, Panginoon. Wala akong halaga, subalit maging anuman ako, Panginoon, kung may mapaggagamitan Ka sa akin, iniaalay ko ang aking sarili sa Iyo.

166 Dumadalangin ako, mahal na Diyos, para sa bawat isa sa mga ito. Ang mga minamahal na mga taong ito na tumayo ako roon sa kabundukan sa Arizona at iniiyak sila, at narito sila na nakaluhod sa palibot ng altar kasama namin ngayong gabi, nananalangin, inihahandog ang aming mga buhay. Minamahal Ka namin, Ama, nang higit pa sa aming sariling mga buhay. Minamahal Ka namin nang higit pa sa aming mga pamilya. Minamahal Ka namin nang higit pa sa asawang babae, mga anak, ama, ina, kapatid na babae, kapatid na lalaki, asawang lalaki, asawang babae. Mahal Ka namin, Panginoong Jesus. Gawin Mo po iyan na maging lubos na totoo sa aming mga puso, Panginoon. Ibuhos Mo po ang langis ng kagalakan, sa sanlinggong ito, Panginoon, sa aming mga kaluluwa. Paliguan Mo po kami, isang paghuhugas ng Salita, sa tubig ng Salita, na binabaha-bahagi sa amin ang Katotohanan.

167 Marami rito ngayong gabi, Panginoon, at paririto, ang nalilito sa mga paksang ito na napakahalaga. O Diyos, buksan Mo po ang bukal na iyon sa tahanan ng Diyos, na—na para sa paglilinis sa amin. Dalangin ko, Diyos, na Iyong hugasan kami at linisin kami sa Iyong Dugo, at gawin kaming mga bagong nilalang. At bigyan Mo po kami ng biyaya at kalakasan, upang ipahayag ang Salita ng Katotohanan sa Makalangit na kapahayagan Nito tungkol sa Persona ni Jesus Cristo.

Magpakita nawa Siya sa aming harapan, Panginoon. Pumarito nawa Siya at pagalingin ang aming karamdaman, patawarin ang aming mga kasalanan, busugin ang aming gutom na mga puso ng mabubuting balita ng malaking kagalakan, ng Ebanghelyo na ipinahayag sa aming mga buhay.

Pagpalain Mo po ang bawat pastor, bawat tagapanguna sa awitan, bawat guro sa Sunday school. Pagpalain Mo po kaming lahat, na magkakasama, Panginoon, sapagkat tunay ngang minamahal Ka namin. At ngayon kami ay sa Iyo, Panginoon, sa pag-aalay na ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, gamitin Mo po kami ngayon ayon sa Iyong Sariling kalooban.

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
O Saviour Divine;
Now hear me while I pray,
Take all my sin away,
O let me from this day
Be wholly Thine!

Gustung-gusto n'yo ba 'yon? Awitin nating muli.

While life's dark maze I tread,
And grief around me spread,
Oh, be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrow's tears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

Pinasasaya ba niyan ang pakiramdam ninyo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ilan ang gustung-gustong umaawit ng mga lumang awitin na iyon? ["Amen."] Sadyang gustung-gusto ko ang mga 'yon. Di ba kayo rin?

Oh, we're marching to Zion,
Beautiful, beautiful Zion;
We're marching upward to Zion,
That beautiful City of God.

Oh, we're marching to Zion,
Oh, beautiful, beautiful Zion;
We're marching upward to Zion,
That beautiful City of God.

Come, we that love the Lord,
And let our joys be known,
Join in the song with sweet accord,
Join in the song with sweet accord,
And thus surround the Throne,
And thus surround . . .

Ngayon, magsitayo tayo ngayon habang inaawit natin ito. Magkamayan sa isa't isa.

Marching to Zion,

Pagpalain ka, kapatid na babae! Pagpalain ka, kapatid na babae! Pagpalain ka, kapatid na lalaki! Pagpalain ka, kapatid na babae! [Ipinagpapatuloy ni Kapatid na Branham ang pagbati sa mga tao—Pat.]

That beautiful City of God.

Itaas natin ang ating mga kamay ngayon sa Diyos.

Oh, we're marching to Zion,
Beautiful, beautiful Zion;
We're marching upward to Zion,
That beautiful City of God.

Oh, we're marching to Zion,
Oh, beautiful, beautiful Zion;
We're marching upward to Zion,
That beautiful City of God.

Hindi ba't pinagagaan niyan ang pakiramdam n'yo? [Nangagsasaya ang kongregasyon—Pat.] Naku, naku! Oh, itaas

lamang natin ang ating mga kamay at purihin lamang Siya sa ating sariling paraan.

168 Panginoong Jesus, Ikaw na Rosas ng Sharon, Lirio ng mga Libis, ang Maningning na Tala sa Umaga, ang Pinakamarilag sa laksa-laksa sa aking kaluluwa. Ikaw na Batis ng lahat kong kaaliwan, higit pa kaysa sa buhay sa akin! Lubos Ka naming iniibig! Dinggin Mo po kami, O Panginoon. Lubos Ka naming pinasasalamatan! Oh! [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Lubos Ka naming pinupuri! Pagpalain Mo po ang mga ito, aming pinakamamamahal na Panginoon at Tagapagligtas! Ipagkaloob Mo po ang mga bagay na ito, Panginoon. Ipagkaloob Mo po ito. [Nagpapatuloy si Kapatid na Branham at ang kongregasyon sa pananalangin at pagpupuri sa Diyos.]

Near the cross,
Be my glory ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

169 Sa isang paraan, o iba pa, sadyang nadarama ko na papunta na tayo. . . May isang bagay na naghihintay para sa atin. Ngayon, tandaan lamang, naniniwala ako na nagsasalita ako ng propesiya. Naghihintay ang malaking kagalakan. Sampalatayanan ninyo iyon. Siyanga. Maraming nalulungkot na mga puso ang gagawing. . . Ang mga dakilang hiwaga ay magiging maliwanag na, at ang mga taong nalulungkot ay magagalak. [Nangagagalak ang kongregasyon—Pat.]

Near the cross, in the cross,
Be my glory ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

170 Gaya ni Juan noon, nang tumanda na siya nang husto para mangaral, nauupo na lang siya at sisigaw, kuwento nila sa akin, nang buong lakas niya, "Mumunti kong mga anak, ibigin ninyo ang isa't isa!" Ibigin ninyo ang isa't isa. Huwag hayaang may dumating na kung ano pa man sa pagitan ninyo, kita n'yo. Panatilihin ang lahat, lahat ng bagay na malayo sa . . . Oo, maging ano pa man iyon, harapin n'yo ito. Tayo'y patungo na sa Ninive. Kita n'yo? Huwag kayong sumakay roon sa lumang barko ng Tarsis, na ihihiwalay kayo sa kasamahan. Magpatuloy tayo patungo sa batis ng mga pagpapala ng Diyos. Naniniwala akong makakamtan natin iyon. Nananampalataya ako sa ating Ama.

171 Maganda na ba ang pakiramdam mo ngayon, kapatid na babae? Mainam 'yan. Sa ganyang paraan ko gustong makita na maisilang ang mga anak, na dumarating. [Nagpapatuloy na nananalangin at nagagalak ang kapatid na babae—Pat.]

Sadyang naaalala ko pa ang mga taóng nagdaan, dito mismo sa dakong ito, kung ilang libo ang ipinanganak mismo sa Kaharian ng Diyos, mismo sa dakong ito. Talagang hindi

natin alam, noong nangakatayo tayo rito na may wawalumpung sentimos sa ating bulsa, para maipampatayo ng simbahan! Oh, sinabi Niya, "Ako na Panginoon ay itinanim ito; didiligan Ko ito araw at gabi." At ginawa Niya iyon. Ginawa Niya iyon.

Pagpalain kayo ng Diyos. Ngayon sa pagyukod natin ng ating mga ulo . . .

172 Ngayon, bukas ng gabi, tandaan, ang mga gawain ay gaganapin doon sa auditorium ng paaralan dito. At kung . . . May pagbabantayin kami rito ngayon, para maituro sa mga tao kung papaano makarating doon, dahil may mga baguhan na darating.

173 Iniibig n'yo ba Siya, sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, hindi ba't Siya'y kahanga-hanga? ["Amen."]

174 Nakatayo ako rito noon sa may pampang, at inaawit 'yung lumang awiting:

> On Jordan's stormy banks I stand,

Isipin n'yo, 'yun ay tatlumpung taon na ang nakararaan, tatlumpu't tatlo, tatlumpu't tatlong taon na ang nakararaan.

> And cast a wishful eye,
> To Canaan's fair and happy land,
> Where my possessions lie.

At marami sa mga binautismuhan ko, nang gabing iyon, ay naroroon na ngayon. Noong, nakatayo sila roon at nasaksihan na bumababa mula sa kalangitan ang Tala sa Umaga na iyon, na umiikot-ikot nang paganoon, sinabing, "Kung paanong isinugo si Juan Bautista upang dalhin, upang ipagpauna ang unang pagparito ni Cristo, ang iyong Mensahe ay ipagpapauna ang ikalawang Pagparito." Papaano iyon aakalain? Ngunit, ang lahat ng mga Salita ng Diyos ay totoo, lahat ng mga Salita ng Diyos. Nabubuhay tayo sa Presensiya ng dakilang Hari. Pagpalain kayo ng Diyos.

175 Habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo, hihilingin ko kay Kapatid na Neville, ang ating pinakamamahal na pastor, na pumarito at isara tayo sa pananalangin. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville.

*ISANG TAONG TUMATAKAS MULA SA HARAPAN NG PANGINOON* TAG65-0217
(A Man Running From The Presence Of The Lord)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Pebrero 17, 1965, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org